PANIMULA SA BAGONG TIPAN - MATEO

Course #8

Leader's Guide

Mahal na Bible Study Lider,

Ako ay lubos na masaya dahil sa pribilehiyo na simulan ang pag-aaral sa Bagong Tipan at buhay, ministeryo, at mga milagro ng ating Panginoon at Tagapagligtas kasama mo. Kung nakasama ka namin sa Lumang Tipan bilang lider ng grupo, nais kong malaman mo na lampas na tayo sa kalahati sa ating paglalakbay sa Biblia. Kung ngayon ka lang sumama sa amin, masaya ka naming tinatanggap sa tinatawag kong "Pinaka Mahusay na mga Aklat sa Biblia!"

Nasuri na natin ang 39 na aklat sa Lumang Tipan at ngayon susuriin naman natin ang 27 aklat sa Bagong Tipan sa pamamagitan ng pagmamasid sa mga ito. Sa kursong ito magsisimula tayo sa pag-aaral sa apat na Ebanghelyo, na maghahamon sa atin na ibahagi ang Mabuting Balita ng Diyos. Lagi kong sinasabi na "Ito ang paborito kong aklat," o "Ito ang pinaka mahusay na aklat o bahagi ng Biblia." Sinasabi ko ito sapagkat espesyal ang mga ito kapag pinag-aaralan ko sila. Ngunit ngayon kapag tayo ay dumako sa Mateo, Marcos, Lucas, at Juan matapat kong sinasabi na nasa puso na tayo ng Biblia. Maaari kong sabihin ito sapagkat ang lahat sa Biblia ay tungkol kay Jesus, at ang maliliit na aklat na ito ay tungkol sa talambuhay ni Jesus. Ang Kanyang buhay—lahat ng sinabi niya at ginawa—ay ang pinaka mahalagang pahayag ng katotohanan na natanggap ng mundo (Juan 1:18).

Ipinapa-alaala ko sa iyo na ang ginagawa natin ay praktikal at debosyonal na pagmamasid sa Bagong Tipan. Bibigyan lamang natin ng pansin ang mga susing talata. Ang dalangin ko na ang mga pag-aaral na ito ay makakatulong sa iyo at ang mga inaakay mo na ***pumasok kayo sa Salita ng Diyos at ang Salita ng Diyos ay pumasok sa inyo at kapag nangyari ito ay posible nang manyari ang kahanga-hanga at maka-milagrong bagay sa inyong mga puso.***

Napakahalaga na mag-aral tayo. Sinabi ni Pablo sa kanyang batang alagad na si Timoteo na "Pagsikapan mong humarap na subok sa Dios, manggagawang walang ano mang ikahihiya, na gumagamit nang matuwid na salita ng katotohanan" (2 Timoteo 2:15). Kung naintindihan natin ang salitang Griyego na ginamit ni Pablo dito ay "magsikap sa sarili, magsunog ng mga kilay sa pag-aaral." Nais kong hamunin ka na basahin at pagkatapos ay pag-aralan lahat ang Bagong Tipan habang ginagawa natin ang pagmamasid sa bahaging ito ng Biblia.

Habang binabasa at inaakay ang iba sa mga Ebanghelyo at ang mga nalalabing aklat sa Bagong Tipan, nais nating hanapin ang debosyonal na gamit ng Mabuting Balita ng Diyos sa ating buhay. Habang itinuturo natin ang aralin na ito, nais kong itanong mo sa iyong sarili at sa iyong grupo ang mga sumusunod na katanungan:

- Ano ang sinasabi ng Salita ng Diyos?
- Ano ang ibig sabihin ng talatang ito?
- Ano ang ibig sabihin nito sa akin? Sa mga inaakay? (Paggamit)
- Ano ang ibig sabihin nito sa Diyos? (Maka-Diyos na paningin)
- Saan sa ibang bahagi ng Biblia itinuturo ang katotohanan na ito? (Kaugnayan sa iba)

Sa ating pag-aaral dito, dalangin ko na lalago ka sa kaalaman kay Jesus higit sa dati pa at maipapakilala mo Siya sa iba na lubhang kailangang maranasan ang kanyang pag-ibig, biyaya at kapangyarihan Niya sa buhay nila.

Pagpalain ka ng Diyos at gawin kang pagpapala sa iba habang ikaw ay nagiging manggagawa na hindi nahihiya sa luklukang paghatol ni Cristo dahil itinuturo mo nang tama ang Salita ng Diyos.

Dick Woodward
Pastor and author of the Mini-Bible College

Pamumuno sa Grupo ng Pag-aaral sa Biblia

Inihanda ng Mini Bible College ang debosyonal at praktikong pagmamasid sa pangunahing aklat ng Biblia. Ang iyong papel bilang guro ay akayin ang grupo sa mga sesyon ng pag-aaral at pagsasanay, upang tulungan silang maunawaan ang mga konsepto, madiskubre ang mga walang hanggang prinsipyo at ang pinaka-mahalaga sa lahat, maipamuhay nila ito. Ang pag-aaral na ito ay aabot ng apat na buwan at dinisenyo ito na hindi lamang isang kurso. Ang pag-aaral na ito ay bahagi ng stratehiyang plano upang mabigyan ka ng mga kagamitan upang palusugin at palaguin ang iyong iglesia ng espirituwal at sa bilang.

Upang matulungan ka binigyan ka namin ng mga magagamit mo:

- Ang Leader's Guide
- Ang Target Media Approach (TMA) manual
- Report Forms
- Audio of Genesis and Exodus
- A study booklet on Genesis and Exodus
- A Set of 10 workbooks

Ang Leader's Guide ay dinisenyo upang bigyan ka ng kakayahan na gawin an trabaho.

PAGPAPANIMULA

Bago ang Klase

- "'Pumunta kayo sa mga lansangang matao at inyong anyayahan sa kasalan ang lahat ng makita ninyo.' Pumunta nga sa mga pangunahing lansangan ang mga lingkod at isinama nila ang lahat ng kanilang natagpuan, masasama't mabubuti, at napuno ng mga panauhin ang bulwagang pangkasalan.'" (Mateo 22:9-10). Simulan ngayon na mag-imbita ng mga tao sa piging espiritual.
- Ihanda ang sarili sa panalangin para sa mga darating na tao. Kung posible, ipanalangin sila sa kanilang pangalan. Ang Diyos lamang ang makapagbabago ng kanilang puso at ang panalangin ay makapangyarihang gamit para dito. "Isinalaysay ni Jesus ang isang talinhaga upang ituro sa kanila na dapat silang laging manalangin at huwag mawalan ng pag-asa" (Lucas 18:1).
- Humingi ng tulong. Huwag mong sikaping gawin ang lahat. Hingin ang tulong ng isa o dalawa para sa musika, awit, pagbati, at taga-pagtala para sa klase.
- Suriin ang aralin at unawain ang layunin ng aralin.
- Alaming mabuti ang bawat aralin; pakinggan, basahin at pag-aralan ang bawat aralin at isaulo ang talata sa Biblia bago magsimula ang klase.
- Siguruhin ang mga aralin ay laging handa para sa klase.
- Siguruhing ang lugar na pagdarausan ay sapat sa bilang ng mga tao at komportable para sa grupo.

Habang sa Klase

- Batiin ang bawat dumarating. (Tandaan na mabuti ang lagi masaya kang tingatanggap? Palawigin ang pagtanggap ng Diyos sa lahat.) Mahalaga na magkaroon ng isang taga-pagbati.
- Ipakilala ang iba sa bawa't isa kung hindi pa magkakakilala.

- Magsimula sa pagsamba at panalangin, hingin sa Diyos na tulungan ka at ang bawat isa na maunawaan at isapamuhay ang aralin.
- Makinig sa audio lesson.
- Gamitin ang workbook, maganyaya ng talakayan na may kaugnayan sa pamumuhay. Naniniwala kami na ang mga katanungan ay maglalagay ng masiglang talakayan at unawa na magdudulot na tamang pamumuhay. Kung masyadong malaki ang grupo hatiin sa maliliit na grupo. Tig-tatlo o tig-lima sa bawat grupo upang makahikayat ng talakayan. Siguruhin nababantayan mo ang oras at ingatan ng ang pag-uusap ay hindi lumalayo sa aralin at pag-aaral ng Salita ng Diyos.
- Pasalamatan ang lahat sa kanilang pagdating at hikayating maging tapat sa pagdalo.
- Himukin ang bawat estudyante na mag-imbita ng iba na sumali sa pag-aaral ng Biblia.
- Hikayatin ang mga estudyante na isaulo ang mga talata sa mga aralin sa bawat linggo.

Pagakatapos ng Klase

- Lipulin ang mga aralin materyales.
- Ibalik ang silid sa dating kaayusan. Mas maayos pa kaysa bago pa kayo nagsimula.
- Itala sa talaan ang report.
- Kung nagpulong kayo sa ibang bahay, siguruhing mapasalamatan ang may bahay sa kanilang pag-tanggap sa inyo.

Espesyal na tagubilin sa Pagtuturo sa mga Natututo sa Pandinig lamang

Napakahalaga na alalahanin na ang mga hindi makabasa at makapagsulat ay natututo at napapanatili nila ang mga impormasyon kakaiba sa mga marurunong. Ang mga nag-aaral sa pamamagitan ng pakikinig ay natututo sa pamamagitan ng pakikinig at pagsasalita ng kanilang narinig. Ang di-marunong magbasa at magsulat ay hindi hadlang sa panahon ni Jesus. Makakatulong na alalahanin at sabihin sa klase halos ng mga disipulos at karamihan ng mga taong nagpapalaganap ng Ebanghelyo ay di-marunong magbasa at magsulat.

Sa maraming kapamaraanan, ang mga nag-aaral na gumagamit ng pandinig ay may kakayahan na matuto sa kanilang narinig higit doon sa mga nagsusulat upang maalala ang pinag-aralan. Kaya nga dapat hayaan ang mga estudyante na marinig ang Banal na Kasulatan at ang aralin, itigil ang mensahe at balikan ang bahagi na hindi pa naintindihan, at pagkatapos hayaan silang tumugon sa mga katanungan. Kapag ang mga nag-aaral na gumagamit lang ng kanilang pandinig ay “kayang balikan ang kuwento” – gamit ang sariling salita upang sabihin ang kanilang narinig at natutunan – ay nagsasabi na kanilang nakuha ng mabuti ang prinsipiyo. Samakatuwid, gamitin ang mga katanungan sa aralin upang gabayin sila sa mas-malalim na pang-unawa sa Salita ng Diyos at tumibay ang relasyon sa Kanyang Anak, Jesus na siyang Cristo.

Ang Pinakadakilang Aklat sa Buong Mundo

Kabanata 1
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 1

Layunin: Upang ipakilala ang Bagong Tipan at ipaliwanag bakit ang mga ebanghelyo ay ang pinaka-sentrong layunin ng Kasulatan.

"Pagsikapan mong humarap na subok sa Dios, manggagawang walang anomang ikahihiya, na gumagamit na matuwid ng salita ng katotohanan."

—2 Timoteo 2:15

"Saliksikin ninyo ang mga kasulatan, sapagka't iniisip ninyo na sa mga yaon ay mayroon kayong buhay na walang hanggan; at ang mga ito'y siyang nangagpapatotoo tungkol sa akin."

—Juan 5:39

At magmula kay Moises at sa mga propeta, ay ipina-aninaw niya sa kanila ang mga bagay tungkol sa kaniya sa lahat ng mga kasulatan.

—Lucas 24:27

Ang unang apat na aklat ng Bagong Tipan ay tinatawag na "Mga Ebanghelyo," ang ibig sabihin ay "mabuting balita." Kadalasan ay ibinibilang silang talambuhay ni Jesus dahil dito natin makikita ang mga impormasyon tungkol sa buhay ni Jesus. Hindi sila ang karaniwang talambuhay na makikita natin ngayon, gayun pa man, dahil ang mga taong sumulat sa mga ito ay iniwasan na isulat ang buong kuwento ng buhay ni Jesus. Dalawa sa mga ito ay hindi binanggit ang Kanyang kapanganakan o ang unang 30 taon nang Kanyang buhay.

Ang apat na ebanghelyo ay nagpapahayag sa atin ng gawain, katuruan, at ang pagliligtas ni Jesus sa buong mundo. Pagkatapos nating matapos ang pagmamasid at pagbubuod sa kinasihang talambuhay, nagkaroon tayo ng malawak na kabatiran sa buhay ng isang Tao na nabuhay lamang ng 33 taon, ngunit naapektuhan ang buong kasaysayan sa mundo dahil sa Taong ito higit sa sino mang taong nabuhay dito sa mundo.

Ipinakita ng mga ebanghelyo na ang buong Biblia—Luma at Bagong Tipan—lahat ay tungkol kay Jesu-Cristo. Samakatuwid, sila ang pinaka-mahalagang aklat sa Biblia, ang susi upang maunawaan ang buong Kasulatan. Ito ay makikita natin, idineklara ni Jesus na Siya ang sentro ng plano ng Diyos mula sa simula hanggang sa wakas. Lahat ng bagay sa Kasulatan ay tumutukoy sa Kanya at sa Kanyang plano na tubusin at iligtas ang sangkatauhan.

Ang mga ebanghelyo ay nagpapahayag sa Diyos dahil ipinapakita si Jesu-Cristo, ang pinaka dakilang pahayag ng Diyos sa katotohanan. Ang buong katauhan ni Jesus, lahat ng Kanyang

sinabi, at lahat ng Kanyang ginawa ay nagpapahayag sa atin patungkol sa Diyos; ito ang dahilan bakit napakahalaga nang pag-aaral na ito.

1. Tama o **Mali**? Di tulad ng mga aklat sa Lumang Tipan, mayroon lamang isang uri ng aklat sa Bagong Tipan.

2. **Tama** o Mali? Ang Apat na Ebanghelyo ay itinuturing na pinaka-puso ng Kasulatan.

3. **Tama** o Mali? Ang mga Ebanghelyo ay mga talambuhay ni Jesus.

4. Tama o **Mali**? Hindi na mahalagang pag-aralan ang Biblia kung alam na natin ang pangunahing mensahe nito.

   Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Paano magkakaroon ng pananampalataya ang isang tao?
   - **a. Sa pamamagitan ng pakikinig o pagbabasa ng Salita ng Diyos**
   - b. Sa paghihintay ng milagro na darating ang pananampalataya
   - c. Sa pamamagitan ng pagiging anak ng mga Kristiyanong magulang
   - d. Sa pamamagitan ng paglalakabay at paggawa ng mabuting gawa

6. Sino ang pangunahing tauhan sa Kasulatan?
   - a. Moses
   - b. Haring David
   - **c. Jesu-Cristo**

d. Apostol Pablo

7. Ano ang pangunahing layunin ng Biblia?
    a. Ito ay manwal sa pang-agham .
    b. Ito ay malawak na kasaysayan ng sibilisasyon.
    c. Ito ay pangunahing aklat sa kaligtasan.
    d. Ito ay listahan ng mga dapat at di dapat gawin.

8. Anong aspeto ng ministeryo ni Jesus ang tiyak na nagpapahayag sa katotohanan tungkol sa Diyos?
    a. Kung ano ang Kanyang sinabi at itinuro
    b. Kung ano ang Kanyang ginawa
    c. Ang Kanyang personalidad at katangian
    d. Lahat ng nasa itaas.

9. Bakit dumating ang Diyos sa atin sa anyo ng isang tao?
    a. Upang ipakita sa atin na Siya ay tao din naman bago Siya naging Diyos
    b. Upang ipahayag sa atin ang Kanyang mensahe sa paraan na mauunawaan natin
    c. Upang maghari sa atin bilang tao
    d. Upang ituwid ang mga katuruan Niya sa Lumang Tipan bilang isang Espiritu

10. Ano ang pagkakaiba ng Lumang Tipan sa Bagong Tipan?
    a. Ang Lumang Tipan ay para sa mga Hudyo at ang Bagong Tipan ay para sa iba.
    b. Sinasabi sa atin ng Lumang Tipan na si Jesu-Cristo ay darating, at sinasabi ng Bagong Tipan na dumating na Jesu-Cristo at muling babalik.
    c. Ang Lumang Tipan ay puno ng pagkakamali, ngunit ang Bagong Tipan ay totoo sa kabuuan.
    d. Ang Lumang Tipan ay isinulat ng mga tao, ngunit ang Bagong Tipan ay sinulat mismo ni Jesus.

11. Ano ang dapat nating gawin sa mga natutunan natin sa Biblia?
    a. Pag-aralang mabuti
    b. Ipaliwanag ng tama ang mga katotohanan sa iba
    c. Ituro sa iba upang maging tagapagturo sa iba
    d. Lahat ng nasa itaas

Bakit ang Ebanghelyo ay magandang balita para sa iyo? Ano ang nagawa o magagawa nito sa iyong buhay? Kanino mo maaaring ibahagi ang magandang balita?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos sapagkat ipinadala Niya si Jesus bilang tulay para sa tao at Diyos. Idalangin sa Kanya na bigyan ka nang kaunawaan sa iyong pag-aaral sa Kanyang Salita sa mga susunod na linggo. Hingin sa Diyos na ipakita sa iyo at bigyan ka ng lakas ng loob na ibahagi ang Mabuting Balita ng kaligtasan kay Jesu-Cristo.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Sa anong paraan ang apat ng Ebanghelyo ay di pangkaraniwang talambuhay ni Jesus?

2. Sa anong paraan na si Jesus ang dakilang Pahayag ng katotohanan na natanggap ng mundo mula sa Diyos?

3. Bakit ang apat na Ebanghelyo ay ang pinaka-mahalagang aklat sa Biblia? *(Isaalang-alang ang Juan 5:39, Lucas 24:27; 44, 45)*

4. Ayon sa Lucas 24:45, ano ang katotohanan na ibinahagi ni Jesus sa mga alagad na nagbukas ng kanilang pangunawa, o kanilang isip, upang maunawaan ang lahat ng Kasulatan?

5. Ayon sa Ebanghelyo ni Marcos, “dumating si Jesus.” Ano ang naidulot ng pagdating ni Jesus sa mundo?

6. Ipaliwanag ang espirituwal na araw kung kailan “dumating si Jesus” sa iyong buhay.

7. Ano ang naidulot ng katotohanang “dumating si Jesus” sa iyong buhay?

Ang Kahanga-hangang Pagkahumaling

Kabanata 2
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 2

Layunin: Upang matutunan ang pangunahing pagpapahalaga at layunin ng apat na ebanghelyo.

"Sinabi sa kanila ni Jesus, Ang pagkain ko ay ang aking gawin ang kalooban ng sa akin ay nagsugo, at tapusin ang kaniyang gawa."

—Juan 4:34

"Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan. Sapagka't hindi sinugo ng Dios ang Anak sa sanglibutan upang hatulan ang sanglibutan; kundi upang ang sanglibutan ay maligtas sa pamamagitan niya. Ang sumasampalataya sa kaniya ay hindi hinahatulan; ang hindi sumasampalataya ay hinatulan na, sapagka't hindi siya sumampalataya sa pangalan ng bugtong na Anak ng Dios."

—Juan 3:16-18

Tinalakay ng Biblia ang pangunahing problema ng sangkatauhan—na hiniwalay natin ang ating sarili sa Diyos at ang pagkakahiwalay na iyon ay kailangang magkaroon na pagkakasundo. Sinasabi sa atin ng Lumang Tipan ang kasalanan ang nagpahiwalay sa atin—ang kasalanan ni Adan at Eva, ang ating mga ninuno. Ang mensahe ay ibinuod sa solusyon ng ating problema na pagkahiwalay sa Diyos sa mga salitang ito: "Darating si Jesus!" Ang mensahe naman ng Bagong Tipan ay ipinaliwanag sa atin sa kakaibang pananaw: "Dumating na si Jesus!" Ang dahilan ng Kanyang pagdating ay magbigay ng kapatawaran sa ating kasalanan at ipagkasundo tayo sa Diyos.

Si Jesus ang dakilang kapahayagan ng katotohanan na ibinigay sa mundo. Ang ibang mga paniniwala at opinyon ay nasusukat sa katotohanang ibinigay Niya sa atin. Ang katotohanan, ang Bagong Tipan ay nagsasabi sa atin na si Jesus ay Siyang eksaktong anyo ng Diyos. Sa Kanyang ugnayan sa Diyos, ibinigay sa atin ang lahat ng katotohanan upang maging posible na maunawaan natin ang Diyos. Dahil ang mga ebanghelyo ay nagsasabi ng buhay, gawain, at katuruan ni Jesus, sila ang pinaka-mahalagang aklat sa Biblia.

Masigasig si Jesus sa Kanyang misyon na ipagkasundo ang tao sa Diyos. Sinabi Niya na ang pagkain Niya ay gawin ang gawain ng Diyos na nagsugo sa Kanya. Dumating Siya dahil nais ng Diyos na kausapin tayo sa paraan na maintindihan natin. Ito ang dahilan kung bakit kailangan nating pag-aralan ang mga ebanghelyo: upang maunawaan ang mensahe ng Diyos at tanggapin ang solusyon sa ating problemang pagkahiwalay sa Kanya.

1. Tama o **Mali**? Ang mga ebanghelyo ay masinsin, sinakop ang bawat yugto ng buhay ni Jesus.

2. **Tama** o Mali? Tanging sa Mateo at Lucas matatagpuan ang tungkol sa kapanganakan ni Jesus.

3. **Tama** o Mali? Ang apat na Ebanghelyo ay binigyang diin ang kamatayan at pagkabuhay muli ni Jesus higit sa alin mang mga aklat.

4. **Tama** o Mali? Si Jesus, na nakatira sa mga mananampalataya, ay nagpapagaling pa rin Siya ngayon.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Bakit ang huling linggo ng ministeryo ni Jesus ay napakahalaga?
    a. Ito lang ang alam nating bahagi sa buhay ni Jesus.
    b. Walang Siyang ginawang importante kundi sa huling linggo na iyon.
    c. Tinangka niyang sakupin ang gobyerno ng Roma sa linggong iyon kaya siya ipinako sa krus.
    d. Siya ay naging "kordero ng Diyos" at inalay ang Kanyang sarili bilang sakripisyo para sa kasalanan ng mundo.

6. Ano ang ang "naka-mamanghang obsesyon" ni Jesus?
    a. Maging sikat at impluwensiyado
    b. Matuto ng matuto hanggang sa makamit ang kaliwanagan
    c. Gawin ang kalooban ng Diyos at tapusin ang gawain na ibinigay ng Ama sa Kanya
    d. Gamitin ang kapangyarihan Niya sa pulitiko sa mabuting layunin

7. Ano ang dakilang nagawa ni Jesus na napag-usapan nila Moses at Elias sa Bundok ng Transpigurasyon?
    a. Ang kamatayan Niya sa krus
    b. Ang mga milagro Niya sa pagpapagaling
    c. Pagsasanay sa 12 kalalakihan na maging tulad Niya
    d. Pagtatanggol sa mga mahihina at walang magagawa sa lipunan

8. Ano ang pangunahing layunin ng kamatayan at pagkabuhay muli ni Jesus?
    a. Upang ipamalas ang Kanyang pagka Diyos
    b. Upang ipakita sa atin na ang kamatayan ay ilusyon lang
    c. Upang ipagkasundo ang Diyos at ang tao
    d. Upang turuan tayo na mag-sakripisyo sa bawat isa

9. Paano nilagyan ng tulay ni Jesus ang pagkahiwalay natin sa Diyos?
    a. "Tinubos" tayo o binili tayo pabalik sa pamilya ng Diyos.
    b. Kinumbinsi Niya ang Diyos na hindi naman talaga tayo masama gaya ng iniisip Niya.
    c. Kinumbinsi tayo na ang Diyos ay hindi naman talaga banal gaya ng iniisip natin.
    d. Tinuruan tayo paano makamit ang pabor ng Diyos sa pamamagitan ng mabubuting gawa.

10. Ano ang ibang ginawa ni Jesus maliban sa pagtubos sa atin?
    a. Ipinakita Niya sa ating paano mabuhay.
    b. Tinuro sa ating ang katotohanan.
    c. Gumawa siya ng mga milagro ng pagpapagaling, proteksiyon, at pagpapala.
    d. Lahat ng nasa itaas.

11. Ano ang dakilang katibayan sa Bagong Tipan?
    a. Ang katotohanan na lahat ng nakarinig kay Jesus ay naniwala sa Kanya.
    b. Muling pagkabuhay ni Jesus.
    c. Ang mga milagrong ginawa ng mga alagad ni Jesus.
    d. Wala namang katibayan. Kailangan magkaroon tayo ng bulag na pananampalataya.

Naranasan mo na ba ang katubusan at bagong buhay na inaalok ni Jesus at nakipagkasundo ka na ba sa Diyos? Kung ito nga, paano nabago ang iyong buhay? Kung hindi, hingin sa Kanya na patawarin ka sa iyong kasalanan at gawing matuwid sa harapan ng Diyos at tulungan kang sundin ang kalooban.

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos sa lahat ng Kanyang pagpapala—katubusan, bagong buhay, Kanyang kapangyarihan at presensiya sa iyong buhay, ang lahat ng ibinigay Niya sa iyo. Hingin sa Kanya na bigyan ka ng pagkakataon na magawa ang Kanyang kalooban at gawin ang gawaing ibinigay sa iyo, at tulong upang magawa ang mga ito.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Paano pinagkasundo ni Jesus ang paghihiwalay ng Diyos at tao? *(Isaalang-alang 2 Corinto 5:18-21)*

2. Paano sinusuportahan ng Exodo at Levitico ang katotohanang dumating si Jesus upang ipagkasundo ang nagkahiwalay sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan sa krus?

3. Bakit kalahati ng Ebanghelyo ni Juan ay tungkol sa buhay ni Jesus at kalahati ay tungkol sa isang linggong buhay ni Jesus? Bakit mahalaga ang huling isang linggong buhay ni Jesus?

4. Ano ang sinasabi sa atin ng obserbasyon na ito kung bakit dumating si Jesus?

5. Ano ang pinaka-layunin at misyon ni Jesus ayon mismo sa Kanya? *(Isaalang-alang ang Juan 4:34; 9:4; 17:4; 19:30)*

6. Nagkaroon ka ba ng personal na layunin at misyon dahil si Jesus ay dumating para sa iyong buhay? Kung ito nga, ano ang mga ito?

7. Paano ang pang-pitong Tamang Asal na kasali sa 2 Corinto 5:18-19?

Ang Mga Ministeryo ng Mesiyas

Kabanata 3
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 3

Layunin: Upang siyasatin ang tatlong pinakamahalagang bagay sa ministeryo ni Jesus.

"Sinabi sa kaniya ni Jesus, Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay: sinoman ay di makaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan ko."

—Juan 14:6

Dito nahayag ang pagibig ng Diyos sa atin, sapagka't sinugo ng Diyos ang kaniyang bugtong na Anak sa sanglibutan upang tayo'y mabuhay sa pamamagitan niya. Narito ang pagibig, hindi sa tayo'y umibig sa Diyos, kundi siya ang umibig sa atin, at sinugo ang kaniyang Anak na pangpalubagloob sa ating mga kasalanan.

—1 Juan 4:9-10

Sa mga ebanghelyo, nakita natin na si Jesus ay isang taong may misyon. Maliwanag na alam niya ang Kanyang misyon at lagi niyang sinasabi ang Kanyang layunin. Sa nakaraang kabanata nakita natin ang "Ang Kahanga-hangang Pagkahumaling," na siyang katuparan sa gawaing ibinigay ng Kanyang Ama sa Kanya. Noong makarating na Siya sa dulo ng tatlong taong ministeryo niya, pumunta Siya sa Hardin ng Getsemane at nanalangin: "Niluwalhati kita sa lupa, pagkaganap ko ng gawa na ipinagawa mo sa akin!" (Juan 17:4). At ang huling mga salita Niya sa krus na may sigaw ng tagumpay: "Naganap na!" (Juan 19:30).

Ngunit ano ang gawain na tinapos ni Jesus? Kapag binasa natin ang apat na ebanghelyo, makikita natin na mayroong tatlong pangunahing aspeto sa ministeryo ni Jesus, at magkapantay na halaga ng bawat aspeto. Isang ikatlong bahagi ng ebanghelyo ay nagsasabi tungkol sa Kanyang katuruan—ang katotohanan tungkol sa buhay at layunin ng Diyos sa Kanyang mga tao. Ang pangalawang ikatlong bahagi ay nagsasabi tungkol sa Kanyang makapangyarihang gawain—ang mga milagro ng pagpapagaling at pagpapalaya na nagpapakitang tunay nga Siyang galing sa Diyos. At ang huling ikatlong bahagi ng mga ebanghelyo ay ang pagtutubos—ang kamatayan at muling pagkabuhay ni Jesus, at ang Kanyang sakripisyo na nagligtas sa ating kasalanan. Ipinahayag ni Jesus ang tatlong ministeryo sa Juan 14:6: "Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay: sinoman ay di makaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan ko."

1. **Tama** o Mali? Itinuring ni Jesus ang ministeryo ng pagpapaalis ng masamang espiritu na totoo at mahalaga.

2. Tama o **Mali**? Kung naunawaan ni Jesus ang tungkol sa sakit sa kaisipan (psycholgical sickness) tulad ng pagkaunawa natin ngayon, hindi na niya tinangkang palayasin ang masasamang espiritu sa mga tao.

3. Tama o **Mali**? Dumating si Jesus para lamang sa ating katubusan at hindi upang turuan tayo.

4. **Tama** o Mali? Hindi lamang itinuro sa atin ni Jesus ang katotohanan, kundi ipinakita Niya ito sa pamamagitan ng Kanyang buhay.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Alin sa mga sumusunod na mga salita ang ginamit ni Jesus upang ilarawan ang Kanyang sarili?
    a. Ang Daan
    b. Ang Katotohanan
    c. Ang Buhay
    d. Lahat ng nasa itaas

6. Alin sa mga sumusunod ang karaniwang itinuturing na dakilang diskurso ni Jesus?
    a. Ang Dakilang Kautusan
    b. Ang Sermon sa Bundok
    c. Ang dipensa niya sa Kanyang paglilitis
    d. Ang Kanyang pitong kasabihan sa krus

7. Alin sa mga sumusunod ang pinakamahabang diskurso ni Jesus?
    a. Ang diskurso sa Silid sa Itaas
    b. Ang Sermon sa Bundok
    c. Ang parabula sa Suwail na Anak
    d. Ang diskurso sa Oliba

8. Anong uri ng diyalogo ang ginamit ni Jesus sa pakikiugnay sa mga tao?
    a. Palakaibigang diyalogo sa mga tao
    b. Pagalit na diyalogo sa mga tao
    c. Diyalogo sa Diyos o panalangin
    d. Lahat ng nasa itaas

9. Itugma ang mga ginamit na salita ni Jesus sa Kanyang sarili sa uri ng ministeryong kinakatawan nito?

a. "Ang Daan"	**(iii)**	i. Katuruan
b. "Ang Katotohanan"	**(i)**	ii. Milagro
c. "Ang Buhay"	**(ii)**	iii. Katubusan

10. Ano ang maka-bibliyang kahulugan ng salitang "ipahayag (confess)?"
    a. Upang "gawing matuwid" ang sarili
    b. Upang sabihin ang "paumanhin"
    c. Upang "ipahayag ng pareho"
    d. Upang "baguhin" ang isip

11. Aling ebanghelyo ang kakaiba sa tatlo?
    a. Mateo
    b. Marcos
    c. Lucas
    d. Juan

12. Itugma ang bawat ebanghelyo sa kanilang pinaka buod.

a. Mateo **(ii)**	i. Si Jesus bilang tao
b. Marcos **(iv)**	ii. Si Jesus bilang hari ng mga Hudyo
c. Lucas **(i)**	iii. Si Jesus Diyos na nagkatawang tao
d. Juan **(iii)**	iv. Si Jesus bilang lingkod

Alin sa tatlong ministeryo ni Jesus ang naranasan mo na sa iyong sarili? Paano naka apekto ang Kanyang katuruan, mga gawa, at ang pagtutubos sa iyong buhay?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos sa ministeryo ni Jesus—Ang Kanyang katuruan, ginawa Niya, at ang katubusang iniaalok Niya. Hingin sa Kanya na tulungan kang "ikumpisal" ang Kanyang katotohanan kapag binasa mo o pinakinggan mo ang Kanyang Salita. Hingin na gamitin ang Kanyang salita upang mabago ang iyong buhay. Hingin na gawin kang malakas na patotoo ng buhay na binago ng Kanyang pagtutubos.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Bakit ang Banal na Espiritu, na siyang may Akda ng Biblia, ay nagbigay ng apat na Ebanghelyo? Hindi ba sapat na ang isa lamang?

2. Base sa pagdidiin na inilagay sa Kanyang buhay, ano ang apat na paraang ginamit ng Ebanghelyo upang ilahad ang pinaka importanteng buhay na ipinamuhay dito sa lupa?

3. Ano ang ilan sa mga kakaibang katangian ng Ebanghelyo ni Juan?

4. Paano mo mahahati sa tatlong bahagi ang nilalaman ng apat na Ebanghelyo ayon sa kanilang pagbibigay diin?

5. Iugnay ang mga ito sa idineklara ni Jesus na: *"Ako ang daan, ang katotohanan at ang buhay"* (Juan 14:6).

6. Paano inilalarawan ng deklarasyong ito ang Kanyang ministeryo ng pagtutubos, pahayag at pagbabagong-buhay?

7. Paano mo natanggap ng buo ang mga pagpapala ng tatlong ministeryo ni Jesu-Cristo sa pamamagitan ng pagbabasa at pag-aaral ng apat na Ebanghelyo?

Ang Istratehiya ng Tagapagligtas

Kabanata 4
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 4

Layunin: Upang ipakilala ang aklat ng Mateo at maunawaan ang istratehiya ni Jesus sa Kanyang ministeryo.

At nililibot ni Jesus ang lahat ng mga bayan at mga nayon, na nagtuturo sa mga sinagoga nila, at ipinangangaral ang evangelio ng kaharian, at pinagagaling ang sarisaring sakit at ang sarisaring karamdaman. Datapuwa't nang makita niya ang mga karamihan, ay nahabag siya sa kanila, sapagka't pawang nangahahapis at nangangalat, na gaya ng mga tupa na walang pastor. Nang magkagayo'y sinabi niya sa kaniyang mga alagad, Katotohana'y ang aanihin ay marami, datapuwa't kakaunti ang mga manggagawa. Idalangin nga ninyo sa Panginoon ng aanihin, na magpadala siya ng mga manggagawa sa kaniyang aanihin.

—Mateo 9:35-38

Sa apat na ebanghelyo, inilarawan si Jesus bilang Tao na may istratehiya upang matapos ang Kanyang misyon. Mas lalo itong makikita sa Ebanghelyo ni Mateo. Tuwing mababasa natin sa Mateo na nakita ni Jesus ang karamihan, siya ay nabalutan ng pagkahabag sa kanila, ito ang naglalarawan kung saan puno Siya ng habag sa buong mundo at ang Kanyang istratehiya na abutin ang buong mundo ng Kanyang mensahe ng kaligtasan. Noong tumingin si Jesus sa madla na may pagkahabag, lagi Siyang gumagawa ng istratehiya.

Karamihan sa istratehiya ni Jesus ay napapaloob sa pagsasanay at pagtuturo sa mga alagad upang mapunan ang pangangailangan ng mundo. Ang karamihan nang lumapit kay Jesus ay kumakatawan sa mundo kasama ang lahat ng problema nito, ngunit inilagay ni Jesus sa maka-istratehiyang lugar ang mga tagasunod niya sa pagitan Niya at nang karamihan upang ipakita sa kanila kung paano tatanggap mula sa Diyos ng kakailanganin nila at ibigay sa mga nangangailangan nito. Ang mga kakailanganing galing sa Diyos na ibibigay Niya sa karamihan ay dadaan muna sa kamay ng mga alagad at hanggang ngayon ito pa rin ang kanyang plano. Ang nabuhay na muli, si Cristong buhay ay pinili na gamitin ang mga alagad upang ibahagi ang katotohanan ng Kanyang Mabuting Balita sa mga nangangailangan ng kaligtasan.

1. Tama o **Mali**? Ang mga seryosong estudyante ng Biblia ay dapat pag-aralan lamang ang Biblia at iwasan ang ibang komentaryo o mga gamit sa pag-aaral ng Biblia.

2. **Tama** o Mali? Simulat-simula pa, alam na ni Jesus ang Kanyang misyon at mga istratehiya upang matupad Niya ang Kanyang misyon

3. Tama o **Mali**? Masyadong seryoso si Jesus kaya't hindi niya ipinakita kahit minsan kung ano ang nararamdaman Niya, ni hindi siya umiyak sa mga problema ng mga tao.

4. **Tama** o Mali? Ang Sermon sa Bundok ang pinaka-mahabang katuruan ni Jesus sa ebanghelyo ni Mateo.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Ano ang layunin ng Sermon sa Bundok?
    a. **Upang ipakita sa mga alagad kung paano sila magiging kabahagi ng solusyon ng Diyos sa problema ng mga tao**
    b. Upang turuan tayo paano tayo magiging karapatdapat sa kaligtasan
    c. Upang ipakita sa ating hindi na mahalaga ang Lumang Tipan
    d. Upang ipaliwanag ang pagdating Niya

6. Ano ang ginawa ni Jesus sa huling bahagi ng Sermon sa Bundok?
    a. Sinabi Niya sa lahat na umuwi na sila.
    b. Naorganisa Siya ng lalaban sa gobyerno.
    c. Hinamon Niya ang mga nakinig na mangako sa Diyos.
    d. Sinabi sa bawat isa na humayo at ituro sa iba ang kanilang narinig.

7. Kailan nangyari ang milagro sa pagpaparami ng tinapay?
    a. Kaagad pagkatapos magsalita ni Jesus
    b. Pagkatapos magkaroon ng pananampalatayang magbigay ang mga alagad na ng tinapay mula sa kanilang sariling mga kamay
    c. Pagka-salita ng Diyos mula sa langit na parang kulog
    d. Bago pa nanalangin si Jesus

8. Ano ang sinabing gagawin ng mga alagad sa Dakilang Kautusan?
    a. Magtayo ng mas malaking templo sa Jerusalem
    b. Sikretong gawing miembro ng simbahan ang mga tao
    c. Ipatupad ang kautusan ng Diyos sa mundo
    d. Humayo sa buong sanlibutan at gumawa ng mga alagad

9. Ano ang ipingako ni Jesus sa Dakilang Kautusan?
    a. Bawat isa na makarinig ng Ebanghelyo ay maliligtas.
    b. Bawat isa sa mga alagad ay magiging martir.
    c. Maraming mga relihiyon ang magaakay ng mga tao sa langit.
    d. Lagi siyang makakasama ng mga tagasunod Niya.

10. Alin sa mga sumusunod ang bahagi ng istratehiya ni Jesus sa ebanghelyo ni Mateo? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Tamang pagsisiyasat Niya sa pangangailangan ng mundo.
    b. Binuo Niya ang Kanyang mga tagasunod.
    c. Sinabihan Niya ang Kanyang mga tagasunod na kumatawan sa Kanya.
    d. Nalulungkot Siyang lubha sa Kanyang iglesia sa loob ng 2000 taon.

Kung narinig mong ipinangaral ni Jesus ang Sermon sa Bundok, sa isip mo kaya ay nanaisin mong sumunod kay Jesus sa kabila ng alam mong napakahirap nito? Bakit o bakit hindi? Sa anong paraan ka maaaring maging kabahagi ng Kanyang solusyon sa pangangailangan ng mga tao ngayon?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos na may solusyon Siya sa mga problema ng mundo at pangangailangan nito at nais Niyang maging kabahagi tayo dito. Hingin sa Diyos ang lakas at karunungan at pagmamahal, na kakailanganan mo upang magministeryo para sa Kanya.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Ikaw ba ay matapat sa pag-aaral sa Biblia? Anong kagamitan mayroon ka sa iyong pag-aaral ng Biblia? Ano pa ang ibang kailangan mo upang makatulong sa iyo?

2. Ano ang kaugnayan ng milagrong pagpapakain sa limang libo, at saka bilang kilala na dakilang milagro, sa parabula ng pangitain ng misyon ni Jesus?

3. Ano ang istratehiya ni Jesus sa pagtuturo niya ng Sermon sa Bundok?

4. Ano ang layunin ni Jesus kung bakit itinuro niya ito sa itaas ng bundok?

5. Ano ang pagkakaiba ng alagad at ng apostol?

6. Base sa masuring pag-aaral ng mga katuruan ni Jesus na natala sa apat na Ebanghelyo, ano ang mga pagpapahalaga ni Jesus at ano ang pagkakaiba ng mga ito sa mga bagay na pinapahalagahan natin?

7. Ano ang hamon sa atin base sa Parabula ng Manghahasik na sinabi ni Jesus sa ating pag-aaral o sa tanka natin na ipakita sa iba ang mga katuruan ni Jesus?

Dumating Nawa ang Kaharian Mo

Kabanata 5
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 5

Layunin: Upang ipakilala ang tema ng Mateo na kaharian ng langit at maunawaan ang kapanganakan ng Hari.

"Mula noon ay nagpasimulang mangaral si Jesus, at magsabi, Mangagsisi kayo; sapagka't malapit na ang kaharian ng langit."

—Mateo 4:17

"Magsidalangin nga kayo ng ganito: Ama namin na nasa langit ka, Sambahin nawa ang pangalan mo. Dumating nawa ang kaharian mo. Gawin nawa ang iyong kalooban, kung paano sa langit, gayon din naman sa lupa."

—Mateo 6:9-10

Ang unang binibigyan ng diin ng Ebanghelyo ni Mateo ay "ang kaharian ng langit." Dumating si Jesus dito sa mundo bilang Hari—hindi tulad ng hari na namumuno sa gobyerno ng bansa, kundi ang Haring walang hanggan, espirituwal na kaharian na inaalok sa sinumang nais manampalataya sa Kanya. Samakatuwid, ang mga tinatawag na sinasakupan ni Jesus ay ang mga tagasunod Niya na Kanyang hinahanap upang dalhin ang kaharian sa kanilang buhay at sa buong mundo.

Upang magpasakop sa paghahari ni Jesus, kailangang gawin siyang Panginoon sa buhay. Ito ay mangyayari kapag tayo ay nagsisi at lumapit kay Jesus, tumalikod sa mga makasarili nating kagustuhan at mga bagay sa mundo at tanggapin ang mga bagay na mahalaga sa Hari. Kapag tayo ay nananalangin, tayo ay nananalangin na dumating nawa ang Kanyang Kaharian. Habang tayo ay nakikisalamuha sa mga tao ibinabahagi natin ang Mabuting Balita ng Kaharian upang sila rin ay sumunod kay Jesus. Ang buong buhay natin ay dapat umiikot sa layuning ito: na makita ang paghahari ng Diyos sa espirituwal na bahagi ng ating mga buhay at ang ating mundo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu.

1. **Tama** o Mali? Isa sa binibigyang diin ni Mateo ay ang kaharian ng langit.

2. **Tama** o Mali? Ayon sa ebanghelyo ni Mateo, ang maging tagasunod ni Jesus ay maging bahagi ng solusyon ng mga pangangailangan ng mundo.

3. Tama o **Mali**? Ang kaisipanng "kaharian ng Diyos" ay nagsimula kay Mateo sa Bagong Tipan.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

4. Ano ang kaharian ng langit?
    a. Isang bansa kung saan ang opisyal na relihiyon ay Kristiyanismo
    b. Isang bansa kung saan ang namumunong relihiyon ay Kristiyanismo
    c. Ang pagtatatag ng makalangit na ayos sa mundo
    d. Ang paghahari ng kalooban ng Diyos sa sangkatauhan
    e. Ang paghahari ng Diyos sa sangkatauhan
    f. Ang Hari na namumuhay sa loob ng bawat tao
    g. Ang demokrasya kung saan may kalayaan sa relihiyon

5. Anong uri ng Hari ang nais ni Jesus na maging?
    a. Paghahari sa Israel
    b. Paghahari sa gobyerno ng bawat bansa
    c. Panginoon lamang ng simbahan
    d. Panginoon ng puso ng bawat tao

6. Ayon kay Jesus, ano ang dapat nating unahin kapag tayo ay nanalangin?
    a. Mangyari ang ating sariling kalooban
    b. Ipagkaloob ng Diyos lahat ng kailangan natin
    c. Maitatag ang kaharian ng Diyos sa buong mundo

d. Magkaroon ng karunungan ang bawat lider sa gobyerno

7. Ano ang kapangyarihan ng kaharian sa langit?
    a. Ang mabubuting gawa ng sangkatauhan
    b. Ang pagkakaisa ng lahat ng tao
    c. Mapanghikayat na salita ng mga mangangaral
    d. Ang Banal na Espiritu

8. Ano ang kahulugan ng salitang "pagsisisi?"
    a. Tumalikod at gumawi sa baligtad na direksyon
    b. Humingi ng paumanhin
    c. Maligtas
    d. Sumang-ayon sa sinabi ni Jesus

9. Anong bahagi ng buhay natin ang apektado ng pagsisisi?
    a. Ang isip natin
    b. Ang kalooban natin
    c. Ang pamumuhay natin
    d. Lahat ng nasa itaas

10. Anong pagpapahalaga ang dapat mayroon ang mga Kristiyano?
    a. Parehong pagpapahalaga ng ating kultura
    b. Ang pagpapahalaga ng ating simbahan
    c. Ang pagpapahalaga ng ating Hari—Jesus
    d. Depende sa ating pakiramdam

11. Bakit ang ibang mga tao ay hindi naniniwala na ipinanganak si Jesus ng isang birhen?
    a. Mataas ang kaalaman nila sa biology kaya alam nila na hindi ito totoo.
    b. Ang panganganak ng birhen ay isang alamat lang, wala ito sa Biblia.
    c. Hindi sila naniniwala na posible ang di-pangkaraniwang milagro.
    d. Sinabi mismo ni Jesus na Siya ay ordinaryong tao lang.

12. Kailan dumating ang mga Pantas na Tao upang makita si Jesus?
    a. Mga dalawang linggo bago Siya ipinanganak
    b. Sa oras na ipinanganak Siya
    c. Dalawang taon pagkatapos Siyang ipinanganak
    d. Noong tinawag sila ng mga anghel upang pumunta

13. Alin sa mga sumusunod na uri ng mga tao ang mga nakaramdam ng pagkatakot kay Jesus?
    a. Pantas na mga tao
    b. Relihiyoso at pulitikong mga lider
    c. Ang mahihirap at inaapi
    d. Mga anghel

Para sa iyo, ano ang kahulugan ng pagsisisi? Naging mamamayan ka na ba ng kaharian ng Diyos? Ang sistema ba ng iyong pagpapahalaga ay katulad ng kay Jesus?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos na pinadala si Jesus sa mundo upang iligtas tayo at mga taong tulad ni Mateo na nagsulat tungkol kay Jesus upang makilala natin Siya. Hingin sa Diyos na dumating ang Kanyang kaharian at ang kalooban Niya ay mangyari sa lupa tulad ng sa langit, ngayon at sa bawat araw.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Ano ang kaibahan ng Kaharian ng Langit sa Ebanghelyo ni Mateo sa Kaharian ng Diyos sa ibang mga Ebanghelyo?

2. Noong sinabihan tayo ng mga Ebanghelyo na dumating si Jesus at si Juan Bautista na nangangaral ng mabuting balita ng kaharian ng Diyos, bakit ang mensahe ay mabuting balita?

3. Iugnay ang konseptong ito sa pamilyar na talata sa Juan 3:3, 5. Ano ang layunin ng bagong kapanganakan ayon kay Jesus noong ipinahayag ito kay Nicodemo? *(Isaalang-alang ang pagbibigay diin ni Jesus sa Kaharian ng Diyos sa Mateo 6:33)*

4. Ipaliwanag bakit laging sinisimulan ni Jesus ang karamihan sa Kanyang parabula sa pangungusap na “Ang kaharian ng langit ay tulad ng….”

5. Ano ang ibig sabihin ni Jesus noong itinuro Niya na ang Kaharian ng Diyos ay nasa iyo?

6. Ipaliwanag kung anong ibig sabihin ng ipahayag at pag-amin na si Jesus ay Hari at Tagapagligtas mo?

7. Sa liwanag ng mariin na katuruan na ito, posible ba na pagtiwalaan mo si Jesus bilang Tagapagligtas at maaari ka bang pumili na gawin mo Siyang hari at Panginoon ng buhay mo o hindi? Ipaliwanag

Ang mga Krisis ni Cristo

Kabanata 6
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 6

Layunin: Upang ipakilala ang ministeryo ni Juan Bautista at siyasatin ang iilang pangunahing kaganapan sa buhay ni Jesus.

At nang mabautismuhan si Jesus, pagdaka'y umahon sa tubig: at narito, nangabuksan sa kaniya ang mga langit, at nakita niya ang Espiritu ng Dios na bumababang tulad sa isang kalapati, at lumalapag sa kaniya; At narito, ang isang tinig na mula sa mga langit, na nagsasabi, "Ito ang sinisinta kong Anak, na siya kong lubos na kinalulugdan."

—Mateo 3:16-17

Nang magkagayo'y sinabi sa kaniya ni Jesus, "Humayo ka, Satanas: sapagka't nasusulat, Sa Panginoon mong Dios sasamba ka, at siya lamang ang iyong paglilingkuran."

—Mateo 4:10

Inilarawan lamang ng maikli si Juan Bautista sa apat na ebanghelyo, ngunit siya ang isa sa mga mahahalagang tao sa Biblia. Hindi lamang siya ang pinakadakila sa lahat ng mga propeta: kundi siya ang pinaka-huling propeta na nabuhay bago si Jesus. Ang mga propeta sa Lumang Tipan ay nangaral ng Magandang Balita na ang Mesiyas ay darating, ngunit si Juan ay nakita niya mismo si Jesus. Siya lamang talaga ang nagpakilala ng mukhaan sa mga tao ng Diyos sa kanilang Mesiyas na sinasabing, "Narito, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan!" (Juan 1:29).

Mayroon pang mga mahahalagang kaganapan sa buhay ni Jesu-Cristo na isinasalarawan sa panimula ng aklat ng Mateo, Marcos, at Lucas. Isa sa mga kaganapan ay ang Kanyang bautismo, na siyang inagurasyon nang Kanyang pampublikong ministeryo. Isa pang kaganapan ay ang tukso Niya, na kaagad dumating pagkatapos ng Kanyang bautismo. Sa Mateo 4, dinala Siya ng Espiritu ng Diyos sa ilang kung saan nagharap sila ni Satanas at Siya ay tinukso na makatlong beses. Tinanggihan ni Jesus ang mga pagtukso sa pamamagitan ng kaalaman at pagsasabi ng Kasulatan at sa pangunguna ng Diyos sa Kanyang buhay. Di tulad ni Adan maraming taon na ang nakalipas, hindi nagkasala si Jesus noong Siya ay tuksuhin. Pinatunayan niya na Siya ay Anak ng Diyos na pinagtatagumpayan ang kasalanan.

1. Tama o **Mali**? Hindi mahalagang tauhan sa Biblia si Juan Bautista.

2. Tama o **Mali**? Inisip ni Juan Buatista na ang lahat ng mga propeta ay tinukoy siya bilang Mesiyas.

3. **Tama** o Mali? Isang dakilang propeta at mangangaral si Juan Bautista.

4. Tama o **Mali**? Maraming mga tao ang nakarinig kay Juan bilang mangangaral dahil nabuhay at nangaral siya sa malalaking lungsod.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Ano ang layunin ng ministeryo ni Juan Bautisa?
    - **a. Upang ipakilala si Jesus bilang Mesiyas**
    - b. Upang gawing magalit ang mga tao sa kanyang matatapang na pangangaral
    - c. Upang maging huwaran ng lahat ng mga Kristiyano kung paano mabuhay
    - d. Upang magtatag ng bagong relihiyon

6. Ano ang kumakatawan sa bautismo ni Juan?
    - **a. Pagsisisi**
    - b. Pagpapasimula bilang monghe o saserdote
    - c. Talikdan lahat ng pag-aari
    - d. Maging Kristiyano

7. Ano ang nangyari noong dumating si Jesus at binautismuhan Siya ni Juan?
    - a. Si Jesus mismo ang nagbautismo kay Juan.
    - **b. Ang Banal na Espiritu ay bumaba kay Jesus.**
    - c. Bawat isa ay iniwan si Jesus at sumunod kay Juan.

d. Inaresto ng mga relihiyosong lider si Jesus.

8. Bakit binautismuhan si Jesus?
    a. Upang mapatawad ang Kanyang kasalanan
    b. Upang ipakita na si Juan ay mas mahalaga
    c. Upang maging Anak Siya ng Diyos
    d. Upang itakda ang panimula ng Kanyang pampublikong ministeryo

9. Ano ang naging tugon ni Jesus sa panunukso ni Satanas?
    a. Kapareho ng pagtugon ni Adan sa Genesis—Siya ay nalinlang.
    b. Sinaway Niya sa pamamagitan ng pagsasabi ng Kasulatan.
    c. Lumayo siya papunta sa ilang upang tumakas.
    d. Winasak Niya kaagad si Satanas.

10. Ilang beses tinangka ni Satanas na tuksuhin si Jesus sa ilang?
    a. Isa
    b. Tatlo
    c. Sampu
    d. Dalawamput apat

11. Ano lagi ang dapat na nauuna sa buhay mo—ang pinakamahalaga sa atin?
    a. Ang ating pamilya
    b. Ang ating iglesia
    c. Ang ating trabaho
    d. Diyos

> *"At huwag mo kaming ihatid sa tukso, kundi iligtas mo kami sa masama."*
> —Mateo 6:13

12. Ano ang halaga sa atin ng tagumpay ni Jesus sa tukso?
    a. Hindi na tayo tutuksuhin.
    b. Hindi na tayo mahuhulog sa tukso.
    c. Kaya Niya tayong ingatan na huwag mahulog sa tukso sapagkat Siya ay nakatira sa ating mga puso.
    d. Maaari tayong magkasala hanggat gusto natin sapagkat natalo Niya si Satanas.

Ang buhay ay napakaikli at napakahalaga upang gugulin sa mga bagay na hindi pinakamaganda na nanggagaling sa Diyos? Ano ang pinaka-mataas na prayoridad mo sa buhay? Mayroon bang mas mahalaga sa iyo maliban sa Diyos? Kung mayroon, ano ang gagawin mo upang ayusin ang mga prayoridad mo para maging una sa lahat ang Diyos?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos na nagtagumay si Jesus laban sa tukso at natalo si Satanas. Pasalamatan Siya sapagkat kaya ka Niyang ingatan na huwag mahulog sa kasalanan. Hingin sa Kanya na tulungan kang labanan ang mga tukso sa buhay mo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu na nakatira sa iyo. Hingin sa Kanya na tulungan kang gawin Siyang laging una sa iyong buhay.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Ano ang kahalagahan ng pagbabautismo ni Juan Bautista kay Jesus sa ilang?

2. Sa anong paraan kakaiba ang Kanyang bautismo kaysa doon sa bautismo na sinabi Niya na kasama sa Kanyang Dakilang Kautusan na ipangaral ang Ebanghelyo at magsanay ng mga alagad, at bautismuhan ang lahat ng mga alagad?

3. Ano ang halaga ng pagtukso kay Jesus sa ilang?

4. Kapag pinag-aralan mo ang tatlong paraan ng pagtukso kay Jesus, mayroon ba silang gamit sa iyo at sa akin ngayon? Paano?

5. Ano ang gamit sa personal nating buhay nang tukso ginamit kay Jesus kung saan gagawing tinapay ang bato pagkatapos mag-ayuno ng 40 araw?

6. Ano ang gamit sa buhay natin ng konsepto ng pagtukso na ilagay ang Diyos sa pagsubok?

7. Ipaliwanag ang kaugnayan ng tuksong sambahin ang prinsipe ng mundong ito sa iyo at sa akin, lalo na sa paraan ng pagtugon ni Jesus na "*Sambahin ang Diyos at tanging Siya lamang."* Karagdagan sa pagsasabi ng Kasulatan, pansinin at gamitin ang paraan ni Jesus sa pagtugon niya sa bawat pagtukso.

Pagsusuri Mula Leeg Pataas

Kabanata 7
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 7

Layunin: Upang ipakilala ang Sermon sa Bundok at matuto tungkol sa tamang asal.

"Mapapalad ang mga mapagpakumbabang-loob: sapagka't kanila ang kaharian ng langit. Mapapalad ang nangahahapis: sapagka't sila'y aaliwin. Mapapalad ang maaamo: sapagka't mamanahin nila ang lupa. Mapapalad ang nangagugutom at nangauuhaw sa katuwiran: sapagka't sila'y bubusugin. Mapapalad ang mga may malinis na puso: sapagka't makikita nila ang Dios. Mapapalad ang mga mahabagin: sapagka't sila'y kahahabagan. Mapapalad ang mga mapagpayapa: sapagka't sila'y tatawaging mga anak ng Dios. Mapapalad ang mga pinaguusig dahil sa katuwiran: sapagka't kanila ang kaharian ng langit."

—Mateo 5:3-10

Sa ibang paraan, ang pinakadakilang diskurso ni Jesus ay ang Sermon sa Bundok, na siyang buod ng etikong katuruan sa buong Biblia. Inimbita ni Jesus ang mga malalapit sa kanya upang makinig sa mensahe ng sermong ito upang sila naman ay makapagministeryo sa madla. Isa sa mga itinuro Niya sa mga sumusunod sa Kanya ay mga tamang asal (beatitudes), o mababuting asal o ugali: larawan ng isip at pag-uugali ng isang tunay na mananampalataya.

Ang mahalagang tanong sa Sermon sa Bundok ay: "Ikaw ba ay bahagi ng problema, o ikaw ay bahagi ng solusyon ni Jesus?" Sa isang kahulugan, ang mga tamang asal ay mga mensahe, at ang nalalabing bahagi ng sermon ay tungkol sa kung paano magagamit ito sa buhay. Ang mga naglilingkod sa kaharian ng Diyos ay dapat munang magkaroon ng ugali ng isang Hari. Ang mga tamang asal ay nagpapakita ng mga tamang pag-uugali para lumapit sa Diyos at humayo sa mundo upang maging bahagi ng Kanyang solusyon.

1. **Tama** o Mali? Ibinibigay sa atin ng Sermon sa Bundok ang kahulugan ng lahat ng kautusan ng Diyos.

2. Tama o **Mali**? Pumili lamang ng kakaunti si Jesus upang makinig sa Kanyang mensahe dahil sila ang may pinakamalaking problema.

3. Tama o **Mali**? Ipinapakita ng Sermon sa Bundok na ang maging Kristiyano ay desisyon lamang at hindi ito tungkol sa pagbabago ng buhay.

4. **Tama** o Mali? Ang mga tamang asal ay tungkol sa ating mga pag-uugali.

   Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Ano ang kahulugan ng salitang pinagpala?
   - **a. Masaya**
   - b. Mayaman
   - c. Komportable
   - d. Perpekto

6. Alin sa mga sumusunod na pag-uugali o katangian ang bahagi ng pagiging Kristiyano? *(piliin lahat ng akma)*
   - **a. Gutom sa katuwiran**
   - b. Mapagmalaki
   - c. Makapangyarihan
   - **d. Dukha sa espiritu**
   - **e. Maawain**
   - f. Hindi sangkot sa gulo
   - **g. Puso dalisay**

7. Sino ang solusyon sa pangangailangan ng tao?
    a. Mga Kristiyano
    b. Gobyerno
    c. Jesus
    d. Bawat tao ay solusyon sa kanyang sarili

8. Ano ang ibig sabihin ng dukha sa espiritu?
    a. Mapagkumbaba at kinikilala ang sariling kakulangan
    b. Walang kakayahang gawin ang anumang mabuti
    c. Lubos ang pagka-ignorante
    d. Ipagkaloob lahat ng pag-aari kay Jesus

9. Bakit ang mga nagdadalamhati ay pinagpala? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Mahal ng Diyos ang mga seryosong tao kaysa sa masasayahin.
    b. Ang mga nagdadalamhati ay natututong maging mahabagin at mag-ministeryo sa iba.
    c. Ang mga nagdadalamhati ay nakikilala ang kasalanan at pagdurusa at bukas sa pagtanggap kay Jesus.
    d. Tinuturuan tayo ng Diyos ng mahahalagang bagay sa pamamagitan ng pagdadalamhati natin sa pagkabigo.
    e. Tayo ay tinubos sa ating paghihirap

10. Ano ang maka-bibliang kahulugan ng kaamuan?
    a. Kahinaan
    b. Mahiyain
    c. Walang desisyon
    d. Maamo tulad ng kabayo

11. Ano ang pangako ni Jesus sa mga nagugutom at nauuhaw sa Kanyang katuwiran?
    a. Pagiging perpekto sa moralidad
    b. Kapunuan
    c. Walang kabuluhan
    d. Pagkain

12. Aling pag-uugali ang makakamtan ng mga napunan ng katuwiran?
    a. Awa at pagmamahal
    b. Motibong dalisay
    c. Pagkakasundo
    d. Lahat ng nasa itaas

13. Ano ang karaniwang nangyayari sa mga nagpapakita ng maka-Diyos na pag-uugali at katangian?
    a. Hindi sila nasasangkot sa gulo.
    b. Palakaibigan sila sa bawat isa.
    c. Sila ay inuusig.
    d. Hindi sila nakikihalubilo sa iba dahil masyado silang banal.

Paano naisasalarawan ng iyong kultura ang mga tagasunod ni Cristo—mga katangian ng mga tamang asal? Paano mo ito nakikita sa mga Kristiyanong kilala mo? Paano mo naipapamalas ang mga tamang asal at mga katangian na ito sa iyong buhay?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos na ipinakita Niya ang mas mabuting paraan kaysa sa paraan ng mundo. Hingin sa Kanya na gumawa ang Banal na Espiritu sa iyong puso upang ipamalas ang mga tamang pag-uugali—ang Kanyang magagandang pag-uugali—at tulungan kang maging bahagi ng solusyon sa problema ng mundo.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Bakit nagturo si Jesus ng walong katuruan ng tamang asal para mangalap ng magiging solusyon Niya sa problema ng mga tao dito sa mundo? *(Isangalang-alang ang Mateo 6:22, 23)*

2. Paano iniugnay ni Jesus ang walong dakilang tamang asal sa mga relasyon ng mga nakarinig sa Kanya?

3. Ano ang ibig sabihin nang dukha sa espiritu, at paano magagamit ang unang tamang asal sa iyong sariling buhay?

4. Anong uri ng pagdadalamhati ang sinasabi ni Jesus sa ikalawang tamang asal?

5. Ano ang kahulugan ng maka-bibliyang maamo, at sa anong paraan mamanahin ng mga maamo ang lupa?

6. Kapag ang alagad ay puno ng katuwiran, anong ibig sabihin ni Jesus sa itinuturo Niya na magiging maawain sila at may dalisay na puso?

7. Sa paanong paraan itinuturo ni Jesus na ang taga-pamayapa ay magdadala sa paguusig dahil sa katuwiran?

Ang Pagong sa Poste ng Isang Bakod

Kabanata 8
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 8

Layunin: Upang ituloy ang pagsusuri sa mga tamang asal at talakayin ang apat na larawang ginamit ni Jesus sa Kanyang mga tagasunod.

"Kayo ang ilaw ng sanlibutan. Ang isang bayan na natatayo sa ibabaw ng isang bundok ay hindi maitatago. Hindi rin nga pinaniningasan ang isang ilawan, at inilalagay sa ilalim ng isang takalan, kundi sa talagang lalagyan ng ilaw; at lumiliwanag sa lahat ng nangasa bahay. Lumiwanag na gayon ang inyong ilaw sa harap ng mga tao; upang mangakita nila ang inyong mabubuting gawa, at kanilang luwalhatiin ang inyong Ama na nasa langit."

—Mateo 5:14-16

Ang unang apat na tamang asal ay ang "paglapit" na mga ugali—ang kaisipan ng taong lumalapit sa Diyos. Ang pangalawang apat na mga tamang asal ay mga "papunta" na maga pag-uugali ng isang taong sinugo ng Diyos sa mundo. Ang mga ito ay inilalarawan ang mga taong solusyon ng Diyos sa mga problema ng sangkatauhan.

Sinundan ni Jesus ang paglalarawan sa maka-Cristong katangian ng apat na larawan, apat na talinhaga na nagpapakita sa atin kung ano ang mangyayari kapag ang katangian na iyon ay nagkaroon ng epekto sa kultura. Itinuro Niya sa mga alagad na sila ay asin sa lupa, ilaw sa mundo, lungsod sa bulubundukin na hindi maitatago, at kandila sa kandilabra (Mateo 5:13-16). Ang apat na talinhagang ito ang siyang paraan sa pag-sasapamuhay sa Kanyang sermon.

Walang tagasunod si Jesus na magkakaroon ng lahat nang pag-uugaling ito at gawin ang Kanyang gawain na Kanyang iniutos maliban ang Espiritu ng Diyos ay kumilos sa loob at sa pamamagitan nila. Dapat mapuno ng kababaan at pasasalamat sa kapangyarihan ng Diyos ang mga Kristiyano na nagbibigay ng kakayahan na paglingkuran Siya ng mabuti. Sa Kanyang lakas lamang maaari nating maapektuhan ang kultura kung saan tayo namumuhay para kay Cristo.

1. **Tama** o Mali? Ang Sermon sa Bundok ay tungkol sa krisis, katangian, at mga paghamon ng pagiging Kristiyano.

2. **Tama** o Mali? Maraming mga tao ang nag-iisip na ang mga tamang asal at mga paglalarawan na sinundan ay ang mga pangunahing katuruan ng Sermon sa Bundok.

3. **Tama** o Mali? Ang tanging paraan sa pagiging asin sa lupa ay mamuhay kasama ang mga tao sa mundo.

4. **Tama** o Mali? Bagama't inisip ng mga alagad na pinili nila si Jesus, ang katotohanan ay si Jesus ang pumili sa kanila.

5. Tama o **Mali**? Bagama't pinipili ni Jesus ang mga alagad, nasa ating kamay ang magkaroon ng mga istratehiya at ilagay ang ating sarili na parang kandila sa kandilabra.

6. **Tama** o Mali? Kung tunay kang may tamang asal at katangian ng isang Kristiyano, hindi mo ito maitatago.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

7. Bakit kinumpara ni Jesus ang mga alagad bilang asin? *(Piliin lahat ng akma)*
    a. **Magiging taga-pigil sila ng kabulukan na dulot ng mundong tiwali.**
    b. **Mahalaga ang asin sa buhay, magdadala ng buhay ang mga alagad sa mundo.**
    c. Magsikap magtrabaho na parang trabahador sa minahan ng asin.
    d. Mahirap inumin ang tubig na may asin, mahirap tanggapin ng mga tao ang mga alagad.

8. Paano nagiging ilaw ang mga alagad?
    a. Madali silang mahapo.
    b. Madali silang gumana at sumuko.
    c. Marami silang nagagamit na enerhiya.

d. Nag-niningning sila bilang ilaw ng katotohanan sa mundong madilim.

9. Alin sa mga sumusunod ang totoong pahayag tungkol sa tungkulin ng mga Kristiyano bilang solusyon ng Diyos? *(piliin lahat ng akma)*
   - **a. "Hindi ko kaya, ngunit kaya ng Diyos, Siya ay nasa akin."**
   - **b. "Hindi ko gusto, ngunit gusto ng Diyos, at Siya ay nasa akin."**
   - c. "Kaya ko, kaya gagamitin ako ng Diyos."
   - d. "Kung hindi ko kaya, hindi sasaakin ang Diyos."
   - **e. "Wala ako, ngunit ang Diyos ang lahat, at Siya ay nasa akin."**
   - f. "Nagawa ko dahil sinabi sa akin ng Diyos."
   - **g. "Hindi ko ginawa, ngunit ginawa ng Diyos dahil Siya ay nasa akin."**

10. Ano ang ating tugon kapag ginamit tayo ng Diyos sa Kanyang gawain?
    - a. Taas noo sa ating nagawa
    - **b. May pagpapakumbaba, na may pagkilala na ang Diyos ang gumawa.**
    - c. Na may pagwawalang bahala dahil wala tayong pakialam dito
    - d. Malakas na salita na nagbibigay atensiyon sa ating simbahan

11. Kaninong katangian at ministeryo ang isinasalarawan ng mga tamang asal at ang apat na ilustrasyon sa Mateo 5?
    - a. Ang mga naniniwala at sumusunod kay Jesus
    - b. Si Jesus mismo
    - **c. Ang a at b**
    - d. Wala sa a o b

12. Bakit itinulad ang mga alagad na isang pagong sa poste ng bakod? *(piliin lahat ng akma)*
    - **a. Inilagay ang alagad sa istratehiyang lugar.**
    - b. Nadikit sa poste at walang magawa ang alagad.
    - **c. Hindi makagawa ng anuman o saan man ang alagad kung wala ang Diyos.**
    - d. Dapat magkaroon ng katangiang pagong ang alagad at magtago sa kanyang bahay.

Tumugon ka na ba sa tawag ng Diyos na maging bahagi ng Kanyang solusyon sa mundo? Anong uri kang alagad, asin, ilaw, lungsod sa bulubundukin, at kandila sa kandilabra? Ano ang nagawa ng Diyos sa buhay mo na hindi mo kayang gawin sa iyong sarili laman? Ano ang nais mong gawin Niya sa iyo at sa pamamagitan mo na hindi mo kayang gawing mag-isa?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos dahil sa Kanyang kapangyarihan na gumagawa sa mga naniniwala sa Kanya. Hingin sa Kanya na gawin ang Kanyang layunin sa iyo at sa pamamagitan mo habang nagtitiwala at naka-depende ka sa Kanya. Hingin sa Kanya na tulungan kang maging maalat na asin, maliwanag na ilaw, at bahagi ng solusyon Niya sa mundo.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Sa paanong paraan ang mga ugaling ito ay nagpapakita na ang mga alagad ay asin sa lupa?

2. Ano ang mga posibleng kagamitan ng talinhagang asin, at alin sa paniniwala mo ang tama sa mga ito?

3. Sa anong paraan ang mga alagad base sa mga ugaling ito ay nagiging kandila sila sa kandelabra, o lungsod sa itaas ng bundok na hindi maitatago?

4. Ano ang kaugnayan ng walong pag-uugaling ito sa "paglapit" na mga karanasan at sa "pagpunta" na mga karanasan bilang mga alagad ni Jesu-Cristo?

5. Sa anong eksaktong konteksto sa isip mo ang nasa likod ng kaisipan ni Jesus noong itinuro Niya ang Kanyang ika-pitong mapalad na ugali, *"Mapalad ang mga tagapamayapa*?"

6. Paano nagiging hamon sa atin ang mga unang 16 na talata sa kabanatang lima ng Mateo na tumingin sa loob, tumingin sa paligid, at tumingin sa itaas?

7. Paano mailalagay ang ika-walong mapalad na ugali mula sa papel at tinta ng ating Biblia papunta sa ating mga isip at mga puso?

Katuwiran Sa Pakikipagkapwa-tao

Kabanata 9
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 9

Layunin: Upang maunawaan kung paanong nais ni Jesus na gamitin ang Kanyang mga katuruan sa ating mga relasyon.

"Kaya't ang sinomang sumuway sa isa sa kaliit-liitang mga utos na ito, at ituro ang gayon sa mga tao, ay tatawaging kaliit-liitan sa kaharian ng langit: datapuwa't ang sinomang gumanap at ituro, ito'y tatawaging dakila sa kaharian ng langit."

—Mateo 5:19

Itinuloy ni Jesus ang paraan ng paggamit ng Kanyang sermon sa pamamagitan ng dalawang importanteng pahayag. Ang una ay dumating Siya upang tuparin ang Utos ng Diyos, hindi upang labagin ito. Ang pangalawa ay ang katuwiran ng mga sumusunod sa Kanya ay kailangang higit doon sa katuwiran ng mga eskriba at mga Pariseo, ang mga lider ng mga relihiyon sa Kanyang panahon, na hindi nauunawaan ang Kautusan o kung bakit ibinigay ito ng Diyos. Nakalimutan ng mga lider ng mga relihiyon na ang Kautusan ay ginawa para sa tao, hindi ang tao para sa Kautusan. Ang kanilang katuwiran ay puro panlabas lamang at hindi mula sa kanilang mga puso. Ang mga tagasunod ni Jesus ay mayroong higit na mas dakila at malalim na katuwiran dahil mula ito sa kanilang mga puso.

Pagkatapos sinabi ni Jesus na ang maging bahagi ng Kanyang solusyon, kasama sa sagot Niya sa kanilang mga tanong, ay dapat malaman ng mga alagad ang Salita ng Diyos. Pagkatapos sabihin ni Jesus ang halaga ng Kasulatan sa buhay ng mga alagad, ipinakita Niya paano gamitin ang Kanyang katuruan sa kanilang mga relasyon. Ang unang relasyon na Kanyang tinalakay ay ang relasyon sa kapatid, o kapwa alagad. Pagkatapos ay itinuro Niya sa kanila ang Kristiyanong tugon sa isang kaaway. Sumunod doon ay ipinaliwanag Niya ang halaga para sa mga tagasunod kung paano gamitin ang regalong seksual ng Diyos sa paraan ng Diyos. Tinutulungan tayo ng mensahe ni Jesus na maunawaan ang ugat ng kasalanan na nagsisimula bago pa ito magawa. Itinuturo ni Jesus na maaring pigilin ang ating mga pagkahilig bago pa ito maging impluwensiya sa atin upang sumuway sa utos ng Diyos.

1. Tama o **Mali**? Hindi mahalaga sa mga Kristiyano ang maging matuwid.

2. Tama o **Mali**? Sinabi ni Jesus sa mga alagad na ang Lumang Tipan ay hindi na mahalaga sa Kanyang kaharian.

3. **Tama** o Mali? Ang katuruan ni Jesus ay hindi sumalungat sa Batas ni Moses.

4. **Tama** o Mali? Ninanais ng Diyos na ang bawat isa ay makayanang basahin o marinig ang Biblia sa kanilang sarili at maunawaan ito.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Noong sinabi ni Jesus "Narinig ninyo na sinabi … datapuwa't sinasabi ko sa inyo …," kanino katuruan ang kanyang itinutuwid?
    a. Diyos Ama
    b. Moses
    c. Ang mga eskriba at Pariseo
    d. Kanyang mga alagad

6. Bakit ibinigay ng Diyos sa atin ang kautusan?
    a. Para gawin tayong miserable
    b. Dahil mahal niya tayo
    c. Upang maipatupad ng gobyerno ang Kanyang kalooban
    d. Upang punahin ang mga taong lumalabag sa Kautusan

7. Ano ang ibig sabihin ni Jesus noong sinabi niya sa mga alagad na dapat silang maging matuwid?
    a. Maging matuwid sa Diyos
    b. Maging matuwid ang katayuan sa Diyos
    c. Gawin ang matuwid para sa Diyos

d. Lahat ng nasa itaas

8. Ano ang epekto ng ating espirituwal na katangian sa relasyon natin sa ibang tao?
    a. Ihiwalay tayo sa ibang mga tao.
    b. Hinahayaan tayong sabihin sa mga tao gaano tayo kabuti.
    c. Ipamuhay natin ang ating katangian sa ating mga relasyon.
    d. Ito ay sadyang hiwalay at wala itong epekto ano pa man.

9. Ayon kay Jesus paano natin gagamitin ang kautusan ng Diyos?
    a. Alalahanin ang layunin ng Diyos at intensyon ng kautusan.
    b. Alalahanin na ang kautusan ay ginawa para sa tao, hindi ang tao para sa kautusan.
    c. Alalahanin na gamitin ang kautusan ng Diyos na may pag-ibig ng Diyos
    d. Alalahanin na paluin ang mga tao sa ulo ng kautusan ng Diyos.

10. Sino ang sinabi ng Diyos na mamahalin natin?
    a. Pamilya natin at mga kaibigan
    b. Ibang mga Kristiyano
    c. Ating mga kalaban
    d. Lahat ng tao

11. Ano ang solusyon kapag ang mata natin ay nagdadala sa atin na magkasala?
    a. Dukutin ito.
    b. Iwasan ng lubusan ang lipunan.
    c. Magsuot ng belo upang matakpan ang mga mata natin.
    d. Huwag tumingin anumang nagdadala sa atin sa kasalanan.

12. Kung tayo ay magiging solusyon ng Diyos sa problema ng mundo, ano ang gagawin natin sa mga pagnanasa natin sa sekswal?
    a. Matuto tayo na hayaan ang Diyos na mamahala sa pagnanasa natin at mapagbigyan ang pagnanasang sekswal sa kaparaanan lamang ng Diyos.
    b. Huwag nating aminin na mayroon tayong pagnanasang sekswal.
    c. Pagbigyan natin hanggat maari ang ating mga pagnanasa.
    d. Sanayin natin ang ating sarili na huwag magkaroon ng pagnanasa.

13. Bakit salungat ang Diyos sa pangangalunya?
    a. Mayroon itong nakakapinsalang epekto sa lahat ng sangkot, lalo na sa mga bata.
    b. Sinisira ang pamilya.
    c. Hindi ito nagdudulot ng kasiyahan at kaganapan.
    d. Lahat ng nasa itaas.

Bakit sa isip mo na halos lahat ng katuruan ni Jesus ay tungkol sa mga relasyon? Mayroon ka bang mga relasyon: mga kapatid, kalaban, ibang kasarian, asawa, kapitbahay, o maski na mga kaaway, kung saan napakahirap panatiliin ang maka-Cristong katangian? Sa paanong paraan ka matutulungan ng mga katuruan ni Cristo sa mga bagay na ito?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos na pinili Niya na magkaroon ng relasyon sa iyo. Hingin sa na tulungan kang lumago tulad ni Jesus upang maipakita ang Kanyang pag-ibig sa ibang tao at maging bahagi ng Kanyang solusyon.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Sa paanong paraan hinarap ni Jesus ang mga eskriba at mga Pariseo sa ika-anim na talata sa kabanatang 5 ng Mateo na nagsisimula ng ganito "Narinig ninyo na sinabi … datapuwa't sinasabi ko sa inyo …?"

2. Isalarawan ang pagpapahalagang inilagay ni Jesus sa ating relasyon na Kanyang sinabi na ating "kapatid," at bakit nagbigay Siya ng malaking halaga sa ganoong relasyon?

3. Paano at bakit sinabi ni Jesus na harapin nating mabuti ang problem sa tukso na pang sekswal?

4. Ano ang ibig sabihin ni Jesus noong sinabi niya na dukutin ang iyong mata kung ito ay nagdudulot ng kasalanan sa iyo?

5. Bakit mahalaga para sa alagad ni Jesus na magkaroon ng tamang pananaw sa Kautusan (Word) ng Diyos?

6. Ano ang itinuro ni Jesus tungkol sa relasyon ng alagad sa kanyang kapitbahay at kaaway?

7. Bakit itinuro ni Jesus na napaka-importante para sa Kanyang mga alagad na gamitin ang mapapalad na mga ugali sa lahat ng relasyon?

Tumingin Sa Loob, Sa Labas
At Sa Itaas

Kabanata 10
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 10

Layunin: Upang maunawaan ang tatlong pananaw ng isang alagad at paano mabuhay para sa Diyos.

"Narinig ninyong sinabi, Iibigin mo ang iyong kapuwa, at kapopootan mo ang iyong kaaway: Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, at idalangin ninyo ang sa inyo'y nagsisiusig; Upang kayo'y maging mga anak ng inyong Ama na nasa langit: sapagka't pinasisikat niya ang kaniyang araw sa masasama at sa mabubuti, at nagpapaulan sa mga ganap at sa mga hindi ganap."

—Mateo 5:43-45

"Datapuwa't pagka ikaw ay naglilimos, ay huwag maalaman ng iyong kaliwang kamay ang ginagawa ng iyong kanang kamay: Upang ang iyong paglilimos ay malihim: at ang iyong Ama na nakakikita sa lihim ay gagantihin ka."

—Mateo 6:3-4

Noong itinuro ni Jesus ang mga tamang asal, hinamon Niya ang mga alagad na tumingin sa kanilang kaloob-looban at isaalang-alang ang isipan at ugali na nagpapakilos sa kanilang buhay. Sa sumunod na mga talata pagkatapos ng mga tamang asal, hinamon sila na tumingin sa paligid at gamitin ang mga tamang asal sa kanilang pinakamahalagang relasyon—pati na ang relasyon nila sa kanilang mga kaaway. Ngayon sa Mateo 6, sinasabi ni Jesus sa Kanyang mga alagad na tumingin sa itaas at isaalang-alang ang mga espirituwal na disiplina at mahahalagang bagay para sa mga tunay na alagad.

Ang mga Pariseo ay gumagawa lang ng katuwiran upang ipagmayabang sa ibang tao. Hinamon ni Jesus ang mga alagad na mamuhay ayon sa gusto ng Diyos. Ito ay kasama sa sinasabi Niya noong ituro Niya na dapat ang katuwiran ng Kanyang mga alagad ay mas dakila kaysa katuwiran ng mga eskriba at mga Pariseo. Ang mga Kristiyano—totoong tagasunod ni Cristo—ay dapat mabuhay na nakatuon ang mata sa Diyos, hinahanap ang pag-sangayon Niya habang hinahayaan Siya na gawin silang bahagi ng Kanyang solusyon para sa pangangailangan ng mundo.

1. Tama o **Mali**? Ang mga matutuwid sa kanilang mga relasyon ay hindi magkakaroon ng mga problema sa ibang tao.

2. **Tama** o Mali? Itinuro ni Jesus na napakahalaga para sa kanyang mga alagad na laging maging totoo sa kanilang salita, sa kabila nang ito ay mahirap.

3. Tama o **Mali**? Ang Sermon sa Bundok ay hindi nagsasabi paano tayo mabuhay ngayon. Ito ay nagsasabi lang kung ano ang buhay sa langit.

4. **Tama** o Mali? Hindi sumangayon si Jesus sa katuruan na dapat nating mahalin ang ating mga kaibigan at mapoot sa ating mga kaaway.

5. **Tama** o Mali? Ang ating espirituwal na buhay ay direktang may kaugnayan sa paghawak natin ng pananalapi at pagbibigay.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

6. Saan unang nanggaling ang kaisipang mahalin ang ating mga kaaway?
    a. Sa Sermon sa Bundok
    b. Sa Lumang Tipan
    c. Sa Hardin ng Eden
    d. Pagkatapos sumalangit si Jesus

7. Alin ang pinakamataas na kautusan para sa mga Krisitiyanong alagad?
    a. Ang batas ng pagliligtas sa sarili
    b. Ang mamatay ng martir
    c. Bigyang luwalhati ang Diyos at gawin ang kalooban ni Jesus
    d. Iwaksi sa sarili lahat ng kagustuhan

8. Ano ang itinuro ni Jesus tungkol sa kapayapaan?
    a. Ang gera ay laging mali
    b. Ang gera ay ang tanging daan sa kapayapaan
    c. Ang mga Kristiyano ay hindi dapat makipagdigma

d. Hanapin lagi ng Kristiyano ang pakikipagkasundo at kapayapaan sa lahat ng kanyang relasyon sa iba

9. Paano aakma sa kanilang kultura ang mga Kristiyano?
   a. Kailangang kakaiba tayo.
   b. Kailangang makiayon tayo sa mga tao sa paligid.
   c. Salungatin lahat ng bagay sa ating kultura.
   d. Lubusan nating ihiwalay ang ating sarili mula sa kultura.

10. Sa Sermon sa Bundok, saang direksyon dapat tuminingin ang mga alagad ayon sa sinabi ni Jesus?
   a. Tumingin sa kalooban nila
   b. Tumingin sa ibang tao
   c. Tumingin sa Diyos sa itaas
   d. Lahat ng nasa itaas

11. Paano magiging posible na ang mga Kristiyano ay maging kakaiba sa mundo, manatili sa Kanyang Salita, at mahalin ang kanilang mga kaaway?
   a. Dapat mayroon tayong malakas na kalooban.
   b. Dapat tayong sanayin sa maraming disiplina.
   c. Binibigyan tayo ng biyaya at lakas na kailangan natin.
   d. Hindi natin magagawa ito hanggat wala tayo sa langit.

12. Bakit tayo magbibigay sa mga nangangailangan?
   a. Upang mabigyan ng gantimpala ng iba dahil sa paggawa natin ng mabuti
   b. Upang tulungan ang lahat ng nangangailangan
   c. Upang makita ng iba ang ating mabuting halimbawa
   d. Upang gantimpalaan ng Diyos

13. Sa paanong paraan nais ng Diyos na tayo ay magbigay at manalangin?
   a. Sa paraan na makita ng iba gaano tayo kabuti
   b. Sa paraan bilang pagsamba sa Diyos na nakakita sa atin
   c. Sa paraang sikreto na walang nakakaalam
   d. Sa paraan na makuha natin ang pabor ng Diyos

Mayroon ka bang kaaway na nais ng Diyos na mahalin Niya sa pamamagitan mo? Paano mo maipapakita ang biyaya ng Diyos sa iyong kaaway? Alin ang mas importante sa iyong pagbibigay sa Panginoon: ang halaga ng iyong binibigay, o ang motibo sa iyong pagbibigay? Alin ang mas mahalaga sa Panginoon? Bakit?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos sa lahat ng kaloob Niya sa iyo. Hingin sa kanya na tulungan kang magbigay sa Kanya mula sa dalisay na puso dahil sa pag-ibig mo sa Kanya. Hingin na mapagkatiwalaan ka pa ng marami, upang makaya mong magbigay pa nang marami na may katapatan sa Kanya.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Ano ang tatlong pananaw o direksyon sa buhay ng isang alagad para mamuhay bilang solusyon at kasagutan ni Jesus?

2. Pagkatapos Niyang magturo tungkol sa relasyon sa mga kaaway ng isang alagad, bakit mahalaga na itinuro ni Jesus ang kahalagahan ng tumingin sa pataas sa tamang paraan?

3. Ano ang pagkakaiba ng katuwiran ng mga alagad ni Jesus doon sa katuwiran ng mga eskriba at Pariseo, ayon sa turo ni Jesus sa unang kalahating bahagi ng ika-anim na kabanata ng Ebanghelyo ni Mateo?

4. Ano at bakit mayroong tatlong pataas na espirituwal na disiplina ang mga alagad ni Jesus, ayon sa parehong bahagi ng Kasulatan?

5. Maaari ka bang mag-pokus ng 20 tanong na ipinahiwatig o direktang sinabi ni Jesus na naglalaman ng pagpapahalaga ng alagad ni Jesus, at sa paanong paraan ang ating mga kayamanan ay nagpapakita kung nasaan ang ating puso, ayon sa Mateo 6:19-34?

6. Kung mag-iisip ka ng mga pagpapahalaga o prayoridad bilang target na may bull's-eye na napapalibutan ng isang dosenang bilog, ano ang dapat na "target na prayoridad nang pagpapahalaga" ng isang tunay na alagad ni Jesus ayon sa parehong mga talatang binanggit sa itaas?

7. Sa paanong paraan nagiging solusyon ni Jesus ang mga ito kapag ang totoong alagad ni Jesus ay mayroong pataas na disiplina at pagpapahalaga sa buhay?

Mga Dakilang Disiplina
At Matuwid na Kaugalian

Kabanata 11
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 11

Layunin: Upang maunawaan ang mga katuruan ni Jesus tungkol sa disiplinang espirituwal ng panalangin at kahalagahan ng Kanyang kaharian.

"Ngunit kapag mananalangin ka, pumasok ka sa iyong silid at isara mo ang pinto. Saka ka manalangin sa iyong Ama na hindi mo nakikita, at ang iyong Ama na nakakakita ng ginagawa mo sa lihim ang siyang magbibigay sa iyo ng gantimpala. "Sa pananalangin ninyo'y huwag kayong gagamit ng maraming salitang walang kabuluhan, gaya ng ginagawa ng mga Hentil. Ang akala nila'y papakinggan sila ng Diyos dahil sa haba ng kanilang sinasabi. Huwag ninyo silang tutularan. Alam na ng inyong Ama na nasa langit ang inyong kailangan bago pa ninyo ito hingin sa kanya. Ganito kayo mananalangin, 'Ama naming nasa langit, sambahin nawa ang iyong pangalan. Nawa'y maghari ka sa amin. Sundin nawa ang iyong kalooban dito sa lupa tulad ng sa langit. Bigyan mo kami ngayon ng aming pagkain sa araw-araw; at patawarin mo kami sa aming mga kasalanan, tulad ng pagpapatawad namin sa mga nagkakasala sa amin. At huwag mo kaming hayaang matukso, kundi iligtas mo kami sa Masama!"

—Mateo 6:6-13

"Sa halip, mag-impok kayo ng kayamanan sa langit; doo'y walang naninirang insekto at kalawang, at walang nakakapasok na magnanakaw. Sapagkat kung saan naroroon ang iyong kayamanan, naroroon din ang iyong puso."

—Mateo 6:20-21

Hindi natin kayang mabuhay bilang Kristiyano kung hindi tayo marunong manalangin. Ito ang dahilan kung bakit ipinakita at itinuro ni Jesus sa mga alagad ang disiplina ng panalangin. Ang pangunahing punto ng Kanyang katuruan ay masiguro natin na nakikipag-usap tayo sa Diyos sa ating panalangin, hindi upang turuan ang iba at magpasikat sa iba.

Tinuruan ni Jesus ang mga tagasunod Niya ng panalangin na madalas na tawagin "Panalangin ng Panginoon,", bagama't ang tumpak na tawag dito ay "Panalangin ng mga Alagad." Pagkatapos batiin ang Diyos bilang ating Ama sa langit, nagbanggit ng pitong kahilingan si Jesus: tatlo dito ay kinikilala ang pagiging una ng Diyos sa bawat bahagi ng ating buhay, at apat para sa ating personal na pangangailangan: "Bigyan mo kami, patawarin mo kami, akayin mo kami, at iligtas mo kami."

1. **Tama** o Mali? Ang panalangin ay mahalagang kasanayan para sa mga tagasunod ni Jesus.

2. **Tama** o Mali? Tulad ng pagbibigay, nais ni Jesus na manalangin tayo na nag-iisa sa Diyos, hindi upang pasikatan ang ibang tao.

3. Tama o **Mali**? Dapat tayong manalangin na sikreto lamang kung saan maghahanap tayo ng silid upang magtago.

4. Tama o **Mali**? Ang tanging panalangin na pinahihintulutan ni Jesus ay ang "Panalangin ng Panginoon," kung saan dapat bigkasin ang bawat salita.

   Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Ano ang sinabi ni Jesus na dapat itawag sa Diyos sa panalangin?
   a. Bilang Pastol natin
   b. Bilang Amo natin
   c. Bilang Lingkod natin
   d. Bilang Ama natin

6. Kanino kalooban ang inuuna natin sa panalangin?
   a. Kalooban ng Diyos
   b. Kalooban ng simbahan
   c. Kalooban natin
   d. Sinumang may pangangailangan

7. Ano ang dapat nating idiin kapag nananalangin tayo para sa ating mga pangangailangan?
    a. Lahat nang ating gusto sa lahat ng panahon
    b. Lahat nang ating gusto ngayon
    c. Lahat nang ating pangangailangan sa lahat ng panahon
    d. Lahat nang ating pangangailangan ngayon

8. Bakit kailangan nating himingi ng kapatawaran sa Diyos?
    a. Dahil nag-aatubili siyang magbigay ng awa sa atin
    b. Dahil hindi tayo laging nabubuhay ayon sa kanyang panuntunan o hindi natin kinakatawan ang Kanyang pangalan ayon sa nararapat
    c. Dahil sa ating kasamaan na lagi tayong nagkakasala
    d. Dahil hindi Niya alam kung nais natin ang kapatawaran kung hindi natin sasabihin sa Kanya.

9. Alin sa mga sumusunod na kahilingan ang makikita sa "Panalangin ng mga Alagad?" *(piliin lahat ng akma)*
    a. Ibigay mo sa amin
    b. Pagpalain mo kami
    c. Patawarin mo kami
    d. Pakinggan mo kami
    e. Bantayan mo kami
    f. Ilayo mo kami
    g. Iwanan mo kami

> *Walang pang pagsubok na dumating sa inyo na hindi pa naranasan ng lahat ng tao. Tapat ang Diyos, at hindi niya ipapahintulot na kayo'y subukin nang higit sa inyong makakaya. Sa halip, pagdating ng pagsubok, bibigyan niya kayo ng lakas upang mapagtagumpayan iyon.*
> 1 Corinto 10:13

10. Paano natin haharapin ang tukso?
    a. Harapin ito ng walang ingat at walang takot.
    b. Magkaroon ng kahihiyan kahit sa pakiramdaman mo lang ay natutukso ka.
    c. Hingin sa Diyos na ilayo tayo sa tukso at magtiwala sa Kanya lagi upang bigyan tayo ng lakas na umiwas dito.
    d. Patunayan gaano tayo katibay sa pamamagitan ng paghahanap ng marami pang tukso.

11. Anong mensahe ang ating inihahatid kapag tayo ay nag-aayuno?
    a. "Tingnan mo gaano ako ka banal!"
    b. "Panginoon, ang kalooban Mo ay mas mahalaga kaysa sa pagkain."
    c. "Mas madisiplina ako at relihiyoso kaysa ibang mga tao sa ibang relihiyon na hindi nag-aayuno."
    d. "Kaya kong puwersahin ang Panginoon na gawin ang gusto ko sa pagtanggi kong kumain."

12. Saan maaaring mamuhunan (ng kahit ano) ng matalino?
    a. Sa respetadong bangko
    b. Sa pang-matagalang proyekto
    c. Sa ano mang uri ng kawanggawa
    d. Sa Kaharian ng Diyos

Ano ang itinuturing mong kayamanan sa iyong buhay? Ang mga pinapahalagahan mo ba sa buhay ay dito sa lupa o sa walang hanggan? Ano ang maaari mong gawin ngayon upang ibaling nang higit ang iyong puso sa kaharian ng Diyos?

_____

_____

_____

Ipanalangin ang Panalangin ng mga Alagad—Mateo 6:9-13—isiping mabuti ang bawat parirala.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Ano ang tatlong niloob ng Diyos na kahilingan sa panalangin na itinuro ni Jesus sa Kanyang mga alagad?

2. Ano ang apat na kahilingang personal sa panalangin na iyon?

3. Ipakita paano ang kahilingang, *"Masunod nawa ang iyong kalooban,"* maaaring ilagay sa ibang kahulugan sa kahilingan, *"Dumating nawa ang iyong kaharian."*

4. Bakit mahalagang ipanalangin ang tatlong niloob ng Diyos na kahilingan bago ipanalangin ang "ibigay mo sa amin" na kahilingan?

5. Bakit idinagdag ni Jesus dito sa panalangin na ito, na kapag hindi tayo nagpatawad sa iba, hindi tayo mapapatawad?

6. Ito ba ay isang panalangin o reseta sa panalangin, o ni isa hindi o pareho sila?

7. Paano natin alam na ito ay dapat ipanalangin sa kontekstong pang-grupo?

Ang Pagpapasya ng mga Hinirang

Kabanata 12
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 12

Layunin: Upang siyasatin muli ang mga praktikal na gamit ng Sermon sa Bundok at maunawaan ang pagkakaiba ng totoo at bulaang alagad.

"Humingi kayo at kayo'y bibigyan; humanap kayo at kayo'y makakatagpo; kumatok kayo at kayo'y pagbubuksan. Sapagkat ang bawat humihingi ay tatanggap; ang bawat humahanap ay makakatagpo; at ang bawat kumakatok ay pagbubuksan."

—Mateo 7:7-8

"Gawin ninyo sa inyong kapwa ang nais ninyong gawin nila sa inyo. Ito ang buod ng Kautusan at ng mga isinulat ng mga propeta."

—Mateo 7:12

Sa Mateo 7, nagpatuloy si Jesus sa pagbibigay diin kung ano ang ibig sabihin ng tumingin sa loob, tumingin sa taas, at tumingin sa paligid. Itinuro Niya sa Kanyang mga alagad na huwag humusga sa kapwa; humingi, maghanap, at kumatok sa pintuan ng kabutihan ng Diyos, umaasa na sasagutin Niya ang kanilang mga panalangin; ang gawin sa iba ang nais gawin ng iba sa kanila; at ang pumasok sa Kaharian ng Langit sa pamamagitan lamang nang Kanyang itinuro—Siya lamang ang daan.

Tinapos ni Jesus ang Sermon sa Bundok ng isang larawan ng dalawang uri ng alagad: mga nagtayo ng bahay sa bato at mga nagtayo ng bahay sa buhangin. Ang sumusunod sa Kanyang mga katuruan ay tulad ng mga nagtatayo sa matatag na bato, at ang mga hindi sumusunod sa Kanyang turo ay tulad ng mga nagtatayo sa buhangin. Parehong nakarinig sa Kanyang mga salita, ngunit ang mga hangal ay hindi isinasapamuhay ang mga natutunan. Ang mga gumagamit ng Kanyang mga itinuro ay mga marurunong. Isang uri lamang ng buhay ang mananatili sa bagyo ng buhay at mabubuhay magpakailanman sa Kanyang kaharian.

1. **Tama** o Mali? Kapag pinapahalagahan natin ang mga tamang bagay at tunay na nauunawaan na iniingatan tayo ng Diyos, walang dahilan para tayo mag-alala.

2. Tama o **Mali**? Ang mga pinapahalagahan natin ay hindi nakikita sa araw-araw nating pamumuhay.

3. Tama o **Mali**? Sinabi sa atin ng Diyos na dapat nating tingnan ang mga kamalian ng ibang mga tao at sabihin ito sa kanila.

4. **Tama** o Mali? Nais ng Diyos na makita natin ng maliwanag ang ating sariling pagkakamali.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Ano ang ibig sabihin ni Jesus sa sinabi Niyang huwag husgahan ang iba?
    a. Hindi natin puwedeng masiguro kung ano ang tama o mali.
    b. Dapat nating aprubahan ang mga asal ng bawat isa.
    c. Hindi tayo dapat maging mapagkunwari na pumupuna sa ibang mga tao.
    d. Hindi dapat maging abogado, husgado, o maglingkod bilang hurado sa korte ang mga Kristiyano.

6. Alin sa mga sumusunod ang mabuting tagapaghiwatig ng ating mga pinapahalagahan sa espirituwal? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Ang pananampalataya ng ating mga ninuno
    b. Ang kultura natin
    c. Kung paano natin ginagasta ang ating pera
    d. Kung ano ang iniisip natin sa buong araw
    e. Ang lenguwaheng ating sinasalita
    f. Kung paano natin ginagamit ang ating oras
    g. Gaano tayo kalusog

h. Kung paano natin ginagamit ang ating mga talento at kakayahan
i. Mga desisyon na ating ginagawa
j. Gaano tayo kayaman
k. Mga ninanais at ambisyon natin
l. Kung saan tayo ipinanganak

7. Ano ang pangako ni Jesus sa mga umaasa sa Diyos sa panalangin?
   a. Baka hindi Niya marinig sila.
   b. Baka magisip Siya na bigyan sila ng masamang regalo imbis na mabuting regalo.
   c. Magnanawa din siya sa pagsasagot sa kanila.
   d. Lagi Siyang tutugon ng mabuti sa kanilang mga panalangin.

8. Ano ang "gintong aral?"
   a. Gawin sa iba ang nais mong gawin nila sa iyo.
   b. Gawin sa iba ang ginawa nila sa iyo.
   c. Hayaan ang ibang tao na gumawa ng masama sa iyo hanggat kaya nila.
   d. Huwag magalit, gumanti ka na lang.

9. Paano kinikilala ni Jesus ang bulaan sa totoong mga alagad?
   a. Sila ba ay nasa karamihan o sa kakaunti
   b. Sila ba ay totoo o bulaan
   c. Sila ba ay ang nagsasalita o ang mga gumagawa
   d. Lahat ng nasa itaas

10. Paano inilarawan ni Jesus ang mga kabahagi sa Kanyang solusyon? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Sila'y gumagawa, hindi lamang nagsasalita.
    b. Sila'y tapat sa paghingi, paghahanap, at pagkatok
    c. Alam nila ang mga pinapahalagahan Niya.
    d. Nag-uugali ng pagkabanal at nagsasabi ng magandang panalangin

11. Anong uri ng tao ang nakakapasok sa kaharian sa langit?
    a. Ang mga aktibo sa simbahan
    b. Ang mga nagsasabi ng, "Panginoon, Panginoon"
    c. Ang mga hindi nagkasala
    d. Ang mga tunay na nagtitiwala kay Jesus bilang Tagapagligtas at Panginoon

12. Alin sa mga sumusunod ang maaaring maging tunay na alagad ni Jesus?
    a. Isang nakakapaglayas ng demonyo
    b. Isang nakapagpapatayo ng bahay sa bato
    c. Isang nakakarinig ng mga salita ni Jesus at sinusunod ito
    d. Isang nakakagawa ng milagro sa pangalan ni Jesus

Sa nakaraan, naging katulad ka ba nang bahay na naitayo sa buhangin o bahay na naitayo sa bato? Paano mo alam? Anong uri ng alagad nais mong maging? Bakit?

Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang imbitasyon sa Kanyang kaharian at sa pangako Niya na gawin kang isang tao na kumakatawan sa Kanya at maging bahagi ng Kanyang solusyon. Hingin na ituloy ang pagtuturo sa iyo at bigyan ka Niya ng mapagmahal at masunuring puso na magtiwala at sumusunod sa Kanya.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Paano nag-uudyok sa atin ang mga unang limang talata sa kabanatang 7 ng Mateo na maging tapat na tumingin sa loob?

2. Sa parehong mga talata, ano ang nais ni Jesus na dapat isipin ng mga mapagkunwari tungkol sa Kanyang dalawang katanungan na nagsisimula sa “Bakit?” at “Paano?”

3. Sa paanong paraan nais ni Jesus na mangako ang mga alagad na tumingin sa itaas sa sinabi niya sa talatang 7 hanggang 11 sa kabanatang 7?

4. Sa paanong paraan ang Gintong Aral (talatang 12) ay hamon sa mga alagad na maging tapat sa pagtingin sa paligid?

5. Sa imbitasyon ni Jesus, na nagsisimula sa talatang 13, paano Niya hinamon ang mga dumalo sa Kanyang pagtuturo sa itaas ng bundok sa tanong na, “anong uri ng solusyon o alagad dapat kang maging?” at ano ang tatlong posibilidad na inilarawan Niya sa kanila?

6. Ano ang halaga ng talinhaga ng dalawang bahay na tinamaan ng bagyo, at paano ito magagamit sa mga nagsasalita at mga gumagawa?

7. Ikaw ba ay bahagi ng solusyon o bahagi ng problema, kasama sa Kanyang kasagutan o sa isang takdang pananong lang? Kung ikaw ay solusyon at kasagutan ni Jesus, anong uri kang solusyon at kasagutan?

Ang mga Ginagampanan
Ng mga Hinirang

Kabanata 13
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 13

Layunin: Upang ipakilala ang labindalawang apostol at maunawaan ang kapalit at gantimpala ng pagiging alagad.

"Nilibot ni Jesus ang lahat ng mga bayan at nayon doon. Nagtuturo siya sa kanilang mga sinagoga at ipinapangaral ang Magandang Balita tungkol sa paghahari ng Diyos. Pinagaling din niya ang lahat ng mga taong may sakit at karamdaman. Nang makita niya ang napakaraming tao, nahabag siya sa kanila sapagkat sila'y nanlulupaypay at litung-lito, parang mga tupang walang pastol. Kaya't sinabi niya sa kanyang mga alagad, "Napakarami nang aanihin, ngunit kakaunti ang mag-aani. Idalangin ninyo sa may-ari ng aanihin na magpadala ng mga mag-aani."

—Mateo 9:35-38

Nagsanay si Jesus ng labin-dalawang alagad o "apostol," upang maabot ang mundo nang Mabuting Balita, ang mensahe ng kaligtasan. Ang mga apostol ay dapat mangaral ng Ebanghelyo at ipakita ang kaharian ng Diyos sa pamamagitan ng mga palatandaan at himala. Pagagalingin nila ang mga may sakit, lilinisin ang mga may ketong, magpapalayas ng demonyo, at bubuhaying muli ang mga patay. Hindi sila laging tatanggapin ng mabuti, ngunit dapat nilang ipangaral at ibigay ang Ebanghelyo ng walang bayad sa lahat, nang hindi humihingi ng anuman mula kanino man, na nagtitiwala sa Diyos na punan ang kanilang pangangailangan. Ang mga alagad ay mababuhay sa pananampalataya.

Sumunod kay Jesus ang mga alagad sa loob ng tatlong taon at matapat na ikinalat ang Mabuting Balita pagkatapos ng Kanyang pagkabuhay na muli at pag-akyat sa langit, tulad nila dapat tayong maging matapat na abutin ang ating sariling mundo para kay Cristo habang pinapahayag natin ang Ebanghelyo sa mundo.

1. **Tama** o Mali? Ang ibig sabihin ng salitang “apostol” ay “sinugo.”

2. **Tama** o Mali? Ang mga apostol ay laging natututo kay Jesus dahil sila’y laging magkasama.

3. **Tama** o Mali? Karamihan ng mga diskurso ni Jesus ay ibinigay para talaga sa labindalawang apostol.

4. Tama o **Mali**? Ang pag-kokomisyon sa mga alagad ay di-pangkaraniwang pangyayari; hindi na nagsusugo ng mga tao si Jesus ngayon.

   Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Sinong alagad ang palaisip na pilosopo na nagduda sa muling pagkabuhay ni Jesus?
   a. Pedro
   b. Tomas
   c. Felipe
   d. Santiago

6. Ano ang hanapbuhay ni Mateo?
   a. Taga-kolekta ng buwis
   b. Mangingisda
   c. Saserdote
   d. Manunulat

7. Sinong mga alagad ang magkapatid? *(piliin lahat ng akma)*
   a. Felipe at Bartolome
   b. Pedro at Andres
   c. Judas at Simon
   d. Santiago at Juan
   e. Tomas at Mateo

8. Kanino sinugo muna ang mga alagad?
    a. Hentil
    b. Hudyo
    c. Pariseo
    d. Lahat

9. Anong uri ng pag-tanggap ang ipinahiwatig ni Jesus sa mga alagad na dapat nilang asahan?
    a. Ang madla ay mag-iipon sa palibot nila upang makinig ng Ebanghelyo.
    b. Walang papansin sa kanila.
    c. Magiging matir sila.
    d. Magiging tulad sila ng mga tupa sa gitna ng mga lobo, at marami ang tatanggi sa kanila.

10. Ang kapalit ng pagiging alagad ay napakalaki na dapat handa tayong ilagay si Jesus na una: _____. *(piliin lahat ng akma)*
    a. Sa mga kilala nating mga tao
    b. Sa ating mga pag-aari
    c. Sa sarili nating pangarap at ninanais
    d. Sa ating pamilya
    e. Sa sarili nating plano sa buhay.

11. Saan sinabi ni Jesus dapat nating gugulin ang ating buhay?
    a. Iligtas ito sa ano mang halaga
    b. Hayaang mabasura ito
    c. Gamitin ito o isakripisyo ito para sa Kanya
    d. Laging naghahanapbuhay, hindi nagpapahinga

12. Alin sa mga sumusunod na mga pangako na maaari nating paniwalaan kung mayroon tayong kaugnayan kay Jesus?
    a. Hindi na tayo dadaan sa bagyo ng buhay.
    b. Ang lahat ng bagyo ay dapat sumunod sa ating mga utos.
    c. Di magtatagal tayo ay sisirain ng bagyo ng buhay.
    d. Walang bagyong tatalo sa atin kung Siya ay "nasa barko" kasama natin.

Nakaranas ka na ba ng problema na sa akala mo'y guguho ang buhay mo? Kung ito ay totoo, ano ito? Ano ang pangako ni Jesus sa bawat sitwasyon na Siya ay sasaiyo upang bigyan ka ng ginhawa at palakasin ka?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos sa kagustuhan Niyang gamitin ka upang ibahagi ang Kanyang Mabuting Balita sa iba. Pasalamatan ang Diyos na lagi Siyang nasa atin at nakabantay sa gitna ng bagyo sa buhay at walang makakapaglunod sa mga nasa Kanya. Hingin sa Kanya na palakasin Niya ang samahan ninyo at palakasin ang iyong pananampalataya. Ngayon ipanalangin kung mayroong isang tao na maaari mong ibahagi ang Magandang Balita. Hingin ang karunungan, pagkakataon at lakas ng loob na ibahagi ang Ebanghelyo.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Gamitin ang mapagkukunan tulad ng Bible dictionary, mga komentaryo, at mga libro tungkol sa mga apostol, ano ang ginagawa ng bawat isa noong makita si Jesus, paano siya nabago noong makilala si Jesus, ano ang ginagawa niya noong siya ay namatay, at saan at paano siya namatay?

2. Sa paanong paraan ang kapalaran ng mga alagad ay isang halimbawa sa sinasabi ng tanyag na Aleman na Lutheran pastor Dietrich Bonhoeffer na “The Cost of Discipleship” (Ang Kapalit ng Pagiging Alagad)?

3. Sinugo ni Jesus ang mga alagad upang mangaral. Bakit sinabi Niya sa kanila na huwag magdala ng mga pangangailangan sa kanilang paglalakbay?

4. Paano mo magagamit sa iyong sarili ang kuwento ng mga apostol na nasa bangka sa gitna ng malakas na bagyo kung saan pinatigil ni Jesus ito nang dakilang katahimikan?

5. Ano ang mga personal na gamit ng kuwento ng bagyo sa Mateo 14 noong tinawag ni Jesus si Pedro na lumakad sa tubig papunta sa Kanya?

6. Sa diyalogo ni Jesus at Pedro sa Mateo 16, nagbigay ng tamang sagot si Pedro sa tanong na, *"Ngunit para sa inyo, sino Ako?"* Pinuri siya ng Panginoon at pagkatapos sinundan ito ng pagsaway kay Pedro na tinawag siyang Satanas. Ano ang itinuturo sa atin nito tungkol sa hindi nagbabagong pananampalataya at tugon kay Jesus?

7. Paano natin magagamit ang kasunduan na itinatag ni Jesus sa Mateo 4:19 sa dalawang hanay ng mga magkakapatid na naging mga apostol, noong hinamon niya ang mga ito ng ganito "Sumunod kayo sa akin at gagawin ko kayong…?"

Mga Binhi, Lupa, at Mga Anak

Kabanata 14
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 14

Layunin: Upang ipakilala ang mga talinghaga ni Jesus at paano Niya ginamit ang mga ito.

"Ang kaharian ng langit ay katulad ng kayamanang nakabaon sa isang bukid. Nahukay ito ng isang tao ngunit agad itong tinabunan. Tuwang-tuwa siyang umalis at ibinenta ang lahat ng kanyang ari-arian upang bilhin ang bukid na iyon." "Ang kaharian ng langit ay katulad din ng isang negosyante na naghahanap ng mga mamahaling perlas. Nang makakita siya ng isang perlas na napakahalaga, umuwi siya't ipinagbili ang lahat ng kanyang ari-arian at binili ang perlas na iyon."

—Mateo 13:44-46

"Lumapit kayo sa akin, kayong lahat na nahihirapan at nabibigatang lubha sa inyong pasanin, at kayo'y bibigyan ko ng kapahingahan. Pasanin ninyo ang aking pamatok at sundin ninyo ang aking mga itinuturo sapagkat ako'y maamo at mapagkumbabang loob. Matatagpuan ninyo sa akin ang kapahingahan sapagkat madaling dalhin ang aking pamatok at magaan ang pasaning ibinibigay ko sa inyo."

—Mateo 11:28-30

Madalas magturo si Jesus ng mga talinghaga—mga simpleng kuwento na naglalaman ng malalim na mga katotohanan. Isang dahilan ay hindi Siya maaaresto sa pagkukuwento na hindi maintindihan ng mga awtoridad. Yun lamang mayroong Banal na Espiritu ang makakaunawa ng Kanyang mga talinghaga. Ang mga hindi gutom sa katotohanan ay hindi makakaunawa ng mga ito. Si Jesus ang ganap na Panginoon sa paggamit ng ganitong estilo ng pagtuturo. Lagi nating hanapin ang pinaka-sentrong katotohanan sa bawat talinghaga dahil ang mga talinghaga ni Jesus ay laging may itinuturong iisang mahalagang katotohanan.

Ang Mateo 13 ay naglalaman ng mga kilalang talinghaga ni Jesus, isa sa mga ito ay tungkol sa manghahasik na naghasik ng binhi sa ibat-ibang uri ng lupa. Ang binhi ay kumakatawan sa Salita ng Diyos, at ang lupa ay kumakatawan sa mga nakakarinig ng Salita. Ang ibang nakarinig ng ebanghelyo ay tulad sa matigas na lupa na hindi matanggap ito. Ang mga bumibigay dahilan sa pag-uusig ay natutulad sa mabatong lupa kung saan ang binhi ay nagsimulang tumubo ngunit bago mamunga ay daliang nalanta ng mainit araw. Ang mga nagagambala sa mga bagay sa mundo ay natutulad sa mabuting lupa ngunit puno ito ng damo at tinik na pumipigil sa paglago ng halaman. Sa wakas, ang mga iba ay tulad ng malalim, mayamang lupa na tumatanggap ng Salita at namumunga. Ito ang mga tagapakinig na hinahanap ni Jesus.

1. **Tama** o Mali? Ang pamatok ay gamit upang makapagdala ng mabigat na pasanin.

2. Tama o **Mali**? Ginagawa ni Jesus na madali lahat para sa atin.

3. **Tama** o Mali? Ipinangako ni Jesus na bibigyan tayo ng lakas upang makaya natin buhatin ang mabibigat na pasanin para sa Kanya.

4. Tama o **Mali**? Ang Ebnaghelyo ni Marcos ay maraming mahahalagang materyales na hindi matatagpuan sa Mateo o Lucas.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Sino ang pangunahing responsable sa buhay espirituwal at ministeryo ng alagad?
    a. Diyos—Siya ang bahala sa lahat.
    b. Ang alagad—nakasalalay lahat sa alagad.
    c. Parehong totoo ang *a* at *b* na itinuturo sa Kasulatan.
    d. Hindi tinatalakay ng Kasulatan ang isyung ito.

6. Bakit ginamit ni Jesus ang talinghaga sa pagtuturo?
    a. Upang makaiwas sa mga opisyales ng Roma
    b. Upang magpahayag ng malalim na katotohanang espirituwal na madaling maunawaan
    c. Parehong *a* at *b*
    d. Walang nakakaalam sinoman

7. Ano ang ikunumpara ni Jesus na kayamanang nakatago sa bukid?
    a. Milagro
    b. Baryang gawa sa pilak ng Roma
    c. Ang templo sa Jerusalem
    d. Ang kaharian sa langit

8. Ano ang paksa sa talinghaga ng manghahasik?
    a. Paano tutugon ang tao kapag naituro ang Salita ng Diyos
    b. Paano ipangaral ng epektibo ang ebanghelyo
    c. Paano malaman ang tamang panahon sa paghahasik ng binhi
    d. Paano ang kaharian ng langit ay magkakamal ng maraming lupain

9. Ano ang dapat mangyari sa buhay ng isang tao upang masabi na epektibo ang Salita ng Diyos? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Kailangang maunawaan nila ito.
    b. Kailangan na usigin sila.
    c. Kailangang tumugon sila na may pagsunod.
    d. Mayroon itong epekto kung naintindihan nila ito o hindi.

10. Ano ang inaasahan ng Diyos na tugon natin kapag narinig at natanggap natin ang binhi ng Salita? *(piliin lahat ng akam)*
    a. Nais Niya na tanggapin at sundin natin ito
    b. Nais Niya na itago natin ito sa ating sarili
    c. Nais Niya na maunawaan at paniwalaan natin ito
    d. Nais Niya na maging mabunga tayo

11. Sino ang tinutukoy na masama sa talinghagang trigo at damo?
    a. Ang manghahasik (Diyos)
    b. Ang kalaban (Satan)
    c. Mga tinik
    d. Mga taga-ani

12. Kailan hinihiwalay ng Diyos ang bulaang Kristiyano sa totoong Kristiyano?
    a. Sa oras na matuklasan sila
    b. Kapag nagdesisyon na tayo na alisin sila sa simbahan
    c. Sa huling pag-aani
    d. Hindi

Mula sa apat na uri ng mga tao na tumutugon sa ebanghelyo sa talinghaga ng manghahasik, sino ang karaniwan na tumutugon? Saang uri ka tumutugon? Ano ang mga hadlang para mamunga ka? Ano ang magagawa mo upang magtagumpay?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos at pinili Niya na magkaroon ng walang hanggang bunga ang buhay ng mga tagasunod Niya. Hingin sa Kanya na tulungan ka na maging mabuting tagapakinig ng Kanyang Salita, at tulungan ka na maghasik ng binhi saan ka man madako.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Ano ang mga paghamon na hinaharap natin sa Talinghaga ng Manghahasik (Mateo 13) kapag tayo ay nakikinig ng Salita ng Diyos na tinuturo o pinapangaral?

2. Ano ang mga paghamon na hinaharap natin sa Talinghaga ng Manghahasik (Mateo 13) kapag tayo ang nangangaral o nagtuturo ng Salita ng Diyos?

3. Mula sa *Talinghaga ng mga Damo sa Triguhan* paano sinasagot ang tanong na "Saan galing ang kasamaan?" Mula din sa talinghagang ito paano itinuturo sa atin na huwag tayong humatol sa mga iniisip nating mga damo at iniisip natin na mga trigo sa loob ng simbahan ngayon?

4. Sa paanong paraan ang pakahulugan ng talinghaga ng *perlas na mahalaga* at ang *natatagong kayamanan sa bukid* na nagtuturo sa atin nang kabuuang pangako sa Diyos at kay Cristo at nagpapakita na nauunawaan natin ang halaga ng ating pananampalataya kay Cristo?

5. Mula sa *Talinghaga ng Manghahasik,* ano ang kumakatawan sa matigas na lupa, mabatong lupa, at mga damo na pumipigil sa pagbubunga?

6. Sa Huling bahagi ng Mateo 11, ano ang gusto ni Jesus na matutunan natin tungkol sa kabigatan, ang Kanyang puso at Kanyang pamatok?

7. Anong mahalagang katotohanan ang matututunan natin tungkol sa pamatok at sa ganong konteksto, ano ang pamatok ni Jesus?

Katuwiran, Mula sa Loob at Labas

Kabanata 15
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 15

Layunin: Upang ipakilala ang mga talinghaga ni Jesus at paano Niya ginamit ang mga ito.

"Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad, "Ang sinumang nagnanais sumunod sa akin ay kinakailangang itakwil niya ang kanyang sarili, pasanin ang kanyang krus, at sumunod sa akin. Ang naghahangad na magligtas ng kanyang buhay ay mawawalan nito; ngunit ang mawalan ng kanyang buhay alang-alang sa akin ay magkakamit nito. Sapagkat ano ba ang mapapala ng isang tao makamtan man niya ang buong daigdig, ngunit mapapahamak naman ang kanyang sarili? Ano ba ang maibabayad ng isang tao para mabawi niya ang kanyang buhay?"

—Mateo 16:24-26

Ipinahayag ni Jesus na itatayo Niya ang Kanyang iglesia, at kahit ang pintuan ng impiyerno ay hindi makakapigil dito. Ang konteksto ng pahayag na ito ay ang tanong ni Jesus sa mga alagad, "Ngunit para sa inyo, sino ako?" sumagot si Pedro, " Kayo po ang Cristo!" ibig sabihin ang pinangakong Mesiyas.

Gaano man kahalaga ang pahayag ni Pedro, mas mahalaga pa rin ang kasagutan ni Jesus. Maliwanag kay Jesus na ang sagot ni Pedro ay hindi galing sa kanya. Ipinahayag ng Ama ito. Itatayo ni Jesus ang Kanyang iglesia sa milagro na ang pangkaraniwang tao tulad ni Pedro na nakapagsabi ng ganoong kaganda. Ang katotohanan, ang iglesia ay mapupuno ng pangkaraniwang tao na gumagawa ng di-pangkaraniwang mga bagay dahil sila ay nasa kapangyariahan ng Banal na Espiritu.

Napakahalaga na tayo rin ay may tamang sagot sa itinanong ni Jesus sa mga apostol. Kailangan natin malaman na Siya ay si Jesus na Cristo, ang Mesiyas, ang pinangakong Tagapagtubos at Tagapagligtas ng mundo.



1. Tama o **Mali**? Noong makita ng mga alagad si Jesus na lumalakad sa tubig, kaagad napuno sila ng pananampalataya at lakas loob.

2. **Tama** o Mali? Bago lumakad sa tubig si Pedro, siniguro muna niya na tinatawag siya ng Panginoon.

3. **Tama** o Mali? Hinintay ni Jesus na tumawag sa Kanya si Pedro, bago Niya iniligtas si Pedro, hinintay muna Niyang manalangin siya.

4. **Tama** o Mali? Nagturo si Jesus sa ibat-ibang paraan maliban sa talinghaga.

5. Tama o **Mali**? Ang pakikipag-usap ni Jesus sa mga lider ng relihiyon ay laging magalang at palakaibigan.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

6. Alin sa mga sumusunod na mga salita ang naglalarawan sa mga alagad na nasa bangka sa gitna ng bagyo?
    a. Puno ng pananampalataya
    b. Nasasabik
    c. Natakot
    d. Nagtitiwala kay Jesus

7. Alin sa mga sumusunod na mga salita ang naglalarawan sa katuwiran ng mga Pariseo?
    a. Dalisay
    b. Panlabas
    c. Panloob
    d. Inspirasyon ng Diyos

8. Ano ang sinabi ni Jesus tungkol sa tradisyon ng mga lider ng relihiyon?
    a. **Hindi galing sa Kasulatan.**
    b. Matatagpuan sa Kasulatan.
    c. Mas mabuti sila sa Kasulatan.
    d. Nakakapagbigay aral at nakakatulong

9. Saan magagamit ang mga tradisyon ngayon ng mga Kristiyano?
    a. Wala tayong mga tradisyon. Sinusunod lamang natin kung ano ang nasa kasulatan.
    b. Laging mali at makasalanan ang mga tradisyon.
    c. **Nakakatulong kung minsan ang mga tradisyon, ngunit hindi sila puwedeng gawing mas importante kaysa sa Kasulatan.**
    d. Sagrado ang mga tradisyon—tanda ng patuloy na pahayag ng Diyos sa sangkatauhan.

10. Ano ang dahilan bakit nagiging tiwali ang tao?
    a. Hindi inaasahang pangyayari
    b. Napipilitan dahil sa ibang mga tao
    c. Kahirapan
    d. **Ang makasalanang kalikasan sa atin**

11. Ano ang sagot ni Pedro sa tanong ni Jesus, “Ngunit para sa inyo, sino ako?
    a. Isang dakilang guro
    b. Isang naliwanagang kaluluwa
    c. **Ang Cristo, ang Anak ng Diyos**
    d. Muling pagkakatawang-tao ni Elias

12. Sino ang nagpahayag kay Pedro sa katauhan ni Jesus?
    a. **Ang Diyos Ama**
    b. Isa sa mga alagad
    c. Mula sa karununga n ni Pedro
    d. Wala sino man. Nahulaan lamang niya ng tama.

Kung tatanungin ka ni Jesus kung sino Siya, ano ang magiging sagot mo? Sa paanong paraan ipinahayag ni Jesus ang Kanyang sarili sa iyo? Dumaranas ka ba ng bagyo sa buhay? Ano ang nais ni Jesus na tugon mo dito?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos na may lunas sa problema natin sa kasalanan at si Jesus ang naglilinis sa atin mula sa loob palabas. Salamat sa Diyos sa mga pangako na lagi siyang sumasaatin, kahit sa gitna ng bagyo. Hingin sa Kanya na ituloy ang paglilinis sa iyong puso upang lalo mo siyang pagtiwalaan.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Ipaliwanag ang pagkakaiba ng katuwirang itinuro ni Jesus at katuwiran ng mga Pariseo, ito ay panloob imbis na panlabas, pataas imbis na pahalang, at base sa kasulatan imbis na tradisyonal.

2. Paano natin magagamit ang katuruan ni Jesus (na natala sa Mateo 15) na ang mga dahilan na nagdadala sa atin sa kasalanan ay hindi mga galing sa labas paloob, tulad ng kapaligiran, kundi mula sa loob palabas, o isyu sa puso?

3. Sa parehong konteksto, ano ang gamit ng matinding deklarasyon ni Jesus tungkol sa labas sa Biblia (extra Biblical) awtoridad sa pananampalataya at gawa ay hindi dapat maging kapalit ng huling awtoridad sa pananampalataya at gawa na matatagpuan sa kinasihang Salita ng Diyos? (Isipin ang mga Mormon, Christian Scientists, o ibang mga labas-sa-Bibliang awtoridad sa pananampalataya at gawa)

4. Paano natin magagamit ang katuruan ni Jesus na dapat nating itakwil ang sarili, buhatin ang ating krus at sumunod sa Kanya, at pagkatapos iwala ang ating buhay upang ito’y matagpuan natin?

5. Ano ang ating sariling kagamitan sa turo ni Jesus sa Kanyang pakikipag-usap kay Pedro tungkol sa kung sino ang nagpahayag sa kanya upang malaman ang sagot sa tanong na, *"para sa inyo, sino ako?"*

6. Ano ang magagamit natin sa katotohanang hindi lumakad sa tubig si Pedro hangga't hindi niya nasiguro ang Panginoon at ang Panginoon nga ang nag-anyaya sa kanya na lumakad sa tubig?

7. Ayon sa natala sa Mateo 16:24-26, anong halaga ang inilagay ng Panginoon sa ating kaluluwa at anong ibig Niyang sabihin sa kaluluwa natin.

Pananampalataya, Kapatawaran At Pamilya

Kabanata 16
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 16

Layunin: Upang ipaliwanag pa nang maiigi ang katuruan ni Jesus sa aklat ng Mateo.

"At sinabi niya sa kanila, Dahil sa kakauntian ng inyong pananampalataya: sapagka't katotohanang sinasabi ko sa inyo, Kung magkaroon kayo ng pananampalataya na kasinglaki ng butil ng binhi ng mostasa, ay masasabi ninyo sa bundok na ito, Lumipat ka mula rito hanggang doon; at ito'y lilipat; at sa inyo'y hindi may pangyayari."

—Mateo 17:20

"At sinabi, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Malibang kayo'y magsipanumbalik, at maging tulad sa maliliit na bata, sa anomang paraan ay hindi kayo magsisipasok sa kaharian ng langit. At sinomang tumanggap sa isa sa ganitong maliit na bata sa aking pangalan ay ako ang tinanggap:"

—Mateo 18:3,5

Nagturo si Jesus ng maraming mga bagay sa mga alagad mula sa dakilang diskurso, mga talinghaga, ang mga pakikipag-usap Niya sa Ebanghelyo ni Mateo. Isa sa mga paulit-ulit na katuruan Niya ay ang halaga ng pananampalataya. Minsan hindi mapalayas ng mga alagad ang masamang espiritu sa isang batang lalaki, at sinabi ni Jesus sa kanila na napakaliit ng kanilang pananampalataya. Nang ang ama ng bata ay humingi ng higit na pananampalataya, sinabi ni Jesus, na ang lahat ay posible sa mga naniniwala.

Madalas ding magturo si Jesus tungkol sa kapatawaran. Sa Sermon sa Bundok, sinabi Niya sa mga alagad na manalangin sa Diyos na patawarin sila habang pinapatawad nila ang iba at sinabi Niya na ang mga tagasunod Niya ay dapat magpakita na nauunawaan nila ang awa sa pamamagitan ng pagbibigay awa. Dahil sa tayo ay pinatawad na, dapat lang na magpatawad lagi. Pagkatapos, sa Mateo sinabi Niya ang isang talinghaga ng isang tao na pinatawad sa napakalaking pagkakautang, ngunit sa kabila ng kapatawaran na kanyang natanggap, ipinilit niya sa may maliliit na utang sa kanya na bayaran siya. Ang ganitong tao, sinabi ni Jesus, ay hindi nakakaunawa sa kapatawaran at hindi makakaranas ng Kanyang kapatawaran.

Pagkatapos ay nagturo si Jesus tungkol sa pag-aasawa at paghihiwalay, binigyang Niya ng diin na ang pag-aasawa ay isang banal na kasunduan na hindi maaring pawalang bisa kundi sa isang kundisyon na ang isang kapareha ay nangalunya. Ang responsibilidad sa pag-aasawa at pagpapalaki ng mga anak ay dapat akuing napaka seryoso.

1. Tama o **Mali**? Walang sinabi ang Biblia tungkol sa anghel dela guardya.

2. **Tama** o Mali? Wala sino man sa atin ang may ganap na pananampalataya, ngunit posibleng maragdagan ang ating pananampalataya.

3. **Tama** o Mali? Mabuti para sa atin ang sumang-ayon kapag ang iba ay nananalangin dahil ang pagkakaisa ay mahalagang bahagi ng pagiging Kristiyano.

4. Tama o **Mali**? Kapag patuloy na nagkakasala ang iba sa atin, kailangang patawarin natin sila ng makapitong beses.

   Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Ano ang itinuro ni Jesus sa pagkakaroon ng pananampalataya?
   a. Hindi mahalaga ang sukat ng ating pananampalataya, kundi kung Kanino nakalagay ang ating pananampalataya
   b. Kailangan nating pagtiwalaan ang Diyos sa lahat ng bahagi ng ating buhay
   c. Hindi tayo puwedeng hindi naniniwala at sasabihing may pananampalataya tayo.
   d. Lahat ng nasa itaas

6. Gaano karaming kapatawaran ang ibinigay ng Diyos noong tayo ay naging Kristiyano?
   a. Maliit lang, dahil karamihan sa atin ay mababuting tao noong tayo ay lumapit sa Kanya.
   b. Tama lang na magbayad tayo sa kakaunting maliliit na kasalanan
   c. Kung gaano karaming pagkakautang natin sa ibang tao sa pinansiyal
   d. Sa lahat ng bagay—ang napakalaking pagkakautang sa mga nagawa nating mga kasalanan

7. Ano ang sinabi ni Jesus tungkol sa mga hindi nais magpatawad sa iba?
    a. Sila ay may karunungan na hindi papayagang makaligtas ang mga tao sa kanilang mga kasalanan.
    b. Gagawin silang mga hukom sa Kanyang kaharian.
    c. Hindi nila mararanasan ang Kanyang kapatawaran dahil hindi nila nauunawaan ang Kanyang pagbibigay awa.
    d. Hihingan silang magbayad ng multa at makulong sa preso.

8. Alin sa mga sumusunod ang napakahalagang pangungusap sa anumang relasyon?
    a. "Mali ako, Sorry. Patatawarin mo ba ako?"
    b. "Bakit hindi ka humihingi ng kapatawaran sa akin sa iyong pagkakamali?"
    c. "Hihingi ako ng paumanhin kung mali ako, kadalasan hindi ako mali."
    d. "Lagi akong mali. Ako lagi ang may sala. Paano ka nakakatiis sa akin?"

9. Ano ang itinuro ni Jesus tungkol sa pag-aasawa?
    a. Ito ay sagrado at permanenteng kasunduan.
    b. Mapapawalang bisa lamang ito sa kahilingan ng asawang lalaki.
    c. Ang paghihiwalay ay hindi pinayagan sa panahon ni Moses, ngunit ang panahon ay iba na, ngayong pinapayagan na ito ng Diyos.
    d. Hindi na mahalaga kung gaano karaming beses mag-asawa hangga't isa lang sa bawat panahon.

10. Paano maging karapat-dapat na magulang?
    a. Basta mag-asawa lang at magkaanak.
    b. Sa pamamagitan lamang ng pagiging karapadapat na tao sa tulong ng Diyos
    c. Sa pagbabasa ng Biblia nang madalas
    d. Kapag pinabayaan ang mga anak na gawin lahat ang gusto nilang gawin

11. Ano ang sinabi ni Jesus na dapat gawin ng mayamang tao upang magkaroon ng buhay na walang hanggan?
    a. Sundin lahat ng kautusan upang makuha ang pabor ng Diyos.
    b. Kusang magpakahirap ang tanging paraan sa kaligtasan.
    c. Magsisi sa pagmamahal sa kayamanan higit sa pagmamahal sa Diyos.
    d. Imposible sa isang mayaman na makapasok sa langit.

12. Ano ang dapat nating gawin upang magkaroon ng buhay na walang hanggan?
    a. Sundin lahat ng kautusan upang makuha ang pabor ng Diyos.
    b. Kusang isuko ang kayamanan at maging mahirap
    c. Magsisi mula sa pagmamahal sa anumang bagay higit sa pagmamahal sa Diyos
    d. Magsabi ng espesyal na panalangin at mabautismuhan

Ang mayamang batang pinuno ay kailangang magsisi sa kanyang pagbibigay halaga sa pera higit sa Diyos. Ano para sa iyo ang pagsisisi? Gaano kadalas mong bigyan ng pinakamataas na halaga ang Diyos? Pinatawad na ng Diyos ang lahat ng iyong kasalanan kung pinagtiwalaan mo Siya bilang Panginoon at Tagapagligtas. Mayroon bang taong kailangan mong patawarin?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang dakilang awa at sa kagustuhan Niyang magpatawad. Pasalamatan din Siya sa mga regalong ibinigay Niya sa iyo (kapatawaran, kalusugan, pamilya, pag-aasawa, buhay na walang hanggan, samahan ng ibang mga mananampalataya). Hingin na palakasin Niya ang relasyon ninyo sa pamilya ngayon upang ang iyong pamilya ay maging larawan ng pag-ibig ng Diyos.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Sa isang survey, wala tayong panahon na gamitin lahat ng katuruan ni Jesus sa mga Ebanghelyo. Sa pangkalahatan, paano natin magagamit ang tatlong dimensyon kung saan itinuro ni Jesus ang pagpapatawad sa Ebanghelyo ni Mateo: kapag tayo ay tumingin pataas; kapag tayo ay tumingin sa paligid; at kapag tayo ay tumingin sa loob?

2. Noong nagtanong si Pedro kay Jesus kung magpatawad siya sa mga nagkasala sa kanya ng makapitong beses, ang sagot ni Jesus ay isang dakilang talinghaga (Mateo 18:21-35). Paano natin magagamit ang mga mahahalagang katuruan ng talinghaga sa ating mga karelasyon na nagkasala sa atin?

3. Sa parehong mga talata, paano natin magagamit ang mga katuruan ni Jesus na dapat tayong magpatawad ng makapitongpung-pito?

4. Paano natin magagamit ang katuruan ni Jesus sa Mateo 19 na ang pag-aasawa ay sa isang lalaki at isang babae habang buhay?

5. Upang magawa ito, nagturo si Jesus sa parehong mga talata na posible lamang ito sa tulong ng Diyos. Paano tayo magiging karapatdapat na tao, kapareha, at magulang upang ang pag-aasawa at pamilya ay maayos at magtagal habang buhay? (Isaalang-alang Mga Awit 127:1, 2; Mateo 19: 11, 12; Juan 3:3, 5)

6. Noong ang isang tao na ang anak na lalaki ay hindi mapagaling ng mga alagad ni Jesus nagsabi ng ganito na may luha, “Panginoon naniniwala ako, tulungan mo ako sa di ko paniniwala,” tumugon ang Panginoon ng kanais-nais. Paano natin maitataas ang antas ng ating pagtitiwala at babaan ang antas ng ating di-paniniwala?

7. Ikumpara at ibigay ang kaibahan ng kuwento ng mayamang batang pinuno sa kuwento ni Zacchaeus sa Lucas 19. Ano ang makikitang kapareho, at ano ang kanilang pagkakaiba? Ano ang sinasabi nito tungkol sa pagsisisi?

Ang Tawag ng Pagsunod

Kabanata 17
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 17

Layunin: Upang maunawaan ang pagtawag ni Jesus sa mga tagasunod Niya at ang pangakong radikal na hinihingi Niya mula sa kanila.

"Sa inyo'y hindi magkakagayon: kundi ang sinomang magibig na dumakila sa inyo ay magiging lingkod ninyo; At sinomang magibig na maging una sa inyo ay magiging alipin ninyo: Gayon din naman ang Anak ng tao ay hindi naparito upang paglingkuran, kundi upang maglingkod, at ibigay ang kaniyang buhay na pangtubos sa marami."

—Mateo 20:26-28

"At magmagandang-loob kayo sa isa't isa, mga mahabagin, na mangagpatawaran kayo sa isa't isa, gaya naman ng pagpapatawad sa inyo ng Dios kay Cristo."

—Efeso 4:32

Sumakay sa asno si Jesus sa pagpasok sa Jerusalem isang linggo bago Siya pinako sa krus, at nang dumating Siya sa bayan, nilinis niya ang templo at isinumpa ang puno ng igos. Ang pangyayaring ito ang lumikha ng konteksto para sa makapangyarihang talinghaga na nagdulot ng matinding pagsalungat ng mga lider sa relihiyon kay Jesus.

Ilan sa mga matatapang na salita na binigkas ni Jesus ay matatagpuan sa huling bahagi ng Mateo 21 nang sinabihan ni Jesus ang mga lider sa relihiyon na hindi namumunga ng kaharian, ang kaharian ay aalisin mula sa kanila (ang mga Hudyo) at ibibigay sa mga taong (mga Hentil-lahat ng tao na hindi Hudyo) magbibigay ng bunga.

Tinuruan ni Jesus ang mga alagad na magkaroon ng pusong mapaglingkod at mangako na sumunod sa Kanya anoman ang kapalit nito. Ang ugaling mapaglingkod at radikal na pangako ay mahalaga pa rin sa mga tagasunod Niya ngayon.

1. **Tama** o Mali? Hindi pa huli ang lahat upang tanggapin si Jesu-Cristo bilang Tagapagligtas. Ang tumanggap kay Cristo sa huling bahagi ng kanilang buhay ay pupunta sa langit pareho ng mga sumunod sa Kanya sa buong buhay nila.

2. Tama o **Mali**? Mas mabuti na magakaroon ng sukdulang makasasalanang buhay bago lumapit kay Cristo kaysa sa magtiwala sa Kanya mula sa pagkabata at kakaunti ang magagawang kasalanan.

3. Tama o **Mali**? Pinuri ni Jesus ang nanay nila Santiago at Juan sa kanyang dakilang pananampalataya at matalinong payo.

4. **Tama** o Mali? Inaanyayahan tayo at nais ni Jesus na makasama tayo tulad ng isang hari na nag-aanyaya sa Kanyang mga sinasakupan na pumunta sa Kanyang piging.

   Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Paano nilinis ni Jesus ang templo?
   a. Siya at ang mga alagad ay namulot ng basura sa paligid.
   b. Pinalayas Niya lahat ng mga hindi Hudyo.
   c. Pinagtataub Niya ang mga mesa ng mga nagpapalit ng pera at pinalayas sila.
   d. Nanalangin Siya ng panalanging paglilinis sa tamplo.

6. Ano ang sinisimbulo ng nalantang igos?
   a. Israel
   b. Gentiles
   c. Ang templo
   d. Ang kautusan ni Moses

7. Ano ang ipinakitang kredensyal ni Jesus sa mga lider ng relihiyon nang tanungin Siya?
    a. Ang Kanyang estado bilang saserdote
    b. Ang Kanyang mga ninuno
    c. Ang Kanyang gawain
    d. Ang Kanyang kaalaman

8. Dahil minaltrato ng Israel ang mga propeta at ang Anak ng Diyos, ano ang sinabi ni Jesus na gagawin Niya?
    a. Aalisin Niya ang kaharian ng Diyos sa kamay ng mga Israelita.
    b. Magpapadala Siya ng marami pang mga propeta.
    c. Idideklara Niya lahat ng relihiyon nang wasto.
    d. Sasakupin Niya ang buong Jerusalem at palalayasin ang lahat ng lider ng mga Hudyo.

9. Saan ngayon ang punong tanggapan ng Diyos?
    a. Sa Estados Unidos
    b. Sa pinakamalaking iglesia sa mundo
    c. Jerusalem
    d. Saan mang dako na nagbibigay ng bunga ng kaharain ang Kanyang mga tao

10. Sa talinghaga ni Jesus tungkol sa piging ng kasalan, ano ang mga dahilan ng mga tao kung bakit ayaw nilang dumalo sa piging? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Bumili sila ng bukid at dapat itong makita.
    b. Bumili sila ng mga baka at kailangang subukan sila.
    c. Inisip na hindi sila karapatdapat sa inbitasyon.
    d. Katatapos lamang nilang ikasal

11. Ano ang hinihingi ni Jesus na kailangan ng mga nais sumunod sa Kanya?
    a. Buhatin nila ang sarili nilang krus at sundin Siya
    b. Ibenta lahat ng pag-aari nila at ibigay sa Kaniyang ministeryo
    c. Dapat matutunan paano gumawa ng milagro bago makiisa sa Kanya
    d. Dapat isaulo ang apat na ebanghelyo

> *Sinabi ni Jesus, "Narito ako'y nakatayo sa pintuan at tumutuktok: kung ang sinoman ang duminig ng aking tinig at magbukas ng pinto, ako'y papasok sa kaniya, at hahapong kasalo niya, at siya'y kasalo ko."*
>
> —Pahayag 3:20

Gaano kahalaga sa iyo ang relasyon mo sa Diyos? Ano ang mararamdam mo kung alam mo na masaya si Jesus kapag laging ka niyang kasama? Sa anong paraan nais mong lumago ang pakikisama mo sa Kanya? Ano ang pumipigil sa iyo upang maging masaya ang samahan ninyo ng Diyos?

Pasalamatan ang Diyos dahil nais Niya na kasama tayo lagi higit sa nais nating makasama Siya. Hingin na tulungan kang magkaroon ng bunga ng kaharian mula sa loob at labas.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Paano mo magagamit ang talinghaga tungkol sa hari na nag-anyaya sa kanyang piging sa iyong pakikisama sa Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon? (Isaalang-alang ang Pahayag 3:19-20)

2. Sa paanong paraan ang nalantang puno ng igos ay naghanda sa pinakamahirap na sinabi ni Jesus sa mga Hudyo na lider ng relihiyon, na natala malapit sa huli ng Mateo kabanatang 21?

3. Ano ang kahulugan ng talinghaga na ginamit ng Panginoon, nang hamunin Niya ang mga tagasunod na buhatin ang kanilang sariling krus at sumunod sa Kanya, para doon sa mga nakarinig nitong napakaganda at napakahirap na paanyaya.

4. Paano mo magagamit ang katuruan ni Jesus na ang mga tagasunod Niya ay dapat sumunod sa Kanyang halimbawa na mag-ministeryo o maglingkod, gaya ng kung bakit dumating Siya upang maglingkod at ibigay ang Kanyang buhay bilang pambayad para sa lahat? (Mateo 20:27,28)

5. Ang paglilinis sa Templo ay siyang taluktok ng pagalit na pag-uusap ni Jesus at ng mga lider sa relihiyon. Kung narito Siya ngayon, “itataob ba niya ang mga mesa” sa mga iglesia? Bakit o bakit hindi?

6. Paano ang pinakataimtim na mensahe na ibinigay ni Jesus sa mga Hudyong lider ng relihiyon magagamit sa iglesia, organisasyon ng misyonaryo, kolehiyo o universidad ng mga Kristiyano, at iba pang mga ministeyo ngayon?

7. Dahil sa kaharian ng Diyos ay nasa puso ng mga kumilala kay Jesus bilang Hari nila, paano ang mataimtim at mapaghinahon na mensaheng ito ay magagamit sa buhay mo at buhay ko ngayon? Sa madaling salita, aalisin ba Niya ang pagkakataon na makapagdala tayo ng bunga para sa Kanya at ibigay sa mga taong magdadala ng bunga para sa Kanya?

Ang Pag-uusap, Krisis, at Tungkulin

Kabanata 18
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 18

Layunin: Upang ilarawan ang huling pangyayari sa buhay ni Jesus sa lupa at ministeryo.

"At lumapit si Jesus sa kanila at sila'y kaniyang kinausap, na sinasabi, Ang lahat ng kapamahalaan sa langit at sa ibabaw ng lupa ay naibigay na sa akin. Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo: Na ituro ninyo sa kanila na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos ko sa inyo: at narito, ako'y sumasa inyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanglibutan."

—Mateo 28:18-20

Sa huling linggo ng pagtuturo ni Jesus sa Jerusalem bago Siya ipako sa krus, Kanyang nakatagpo ang mga lider ng relihiyon sa mainitang pag-uusap. Nagsabi ng matatapang na salita si Jesus tungkol sa tiwaling pangunguna ng mga Hudyo na sinabi sa kanila na ang kaharian ay aalisin sa kamay ng Israel sapagkat itinakwil Siya—bilang Mesiyas.

Nagbigay ng propesiya si Jesus sa hinaharap ng Jerusalem at tungkol sa Kanyang muling pagbabalik. Sinabi Niya na ang Kanyang pagdating ay magiging kamangha-mangha, tulad ng kislap ng kidlat sa langit. Ngunit hindi Niya hinulaan kailan Siya darating at sinabi Niya na ito ay darating sa panahon na hindi natin inaasahan. Gayun pa man, dapat tayong magbantay sa senyales ng mga panahon at siguruhin na kapag Siya ay dumating, makikita Niya na tayo ay matapat na naglilingkod sa Kanya. Ang pagdating Niya ay paghahatol sa mga hindi nanampalataya sa Kanya at malaking pagpupunyagi sa mga tagasunod Niya.

Noong maaresto at maipako sa krus si Jesus, ang mga alagad ay nagsitakas. Ngunit nagsibalikan sila pagkatapos ng pagkabuhay Niyang muli, at bago Siya umalis, Kanyang itinalaga sila na humayo sa buong mundo upang dalhin ang ebanghelyo at gumawa pa ng maraming mga alagad.

1. Tama o **Mali**? Pagkatapos linisin ang templo, ang relasyon ni Jesus sa mga lider ng relihiyon ay naging maganda.

2. Tama o **Mali**? Itinuro ni Jesus sa mga alagad na hindi na sila kailangang magbayad ng buwis.

3. Tama o **Mali**? Hindi makapagisip ng mabuting kasagutan si Jesus sa mga argumento ng mga lider sa relihiyon.

4. Tama o **Mali**? Ang Dakilang Komisyon na humayo at ipangaral ang ebanghelyo ay para sa mga pastor at ebanghelista lamang.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Ano ang dakilang kautusan na sinabi ni Jesus?
    a. Magbigay ng ikapu sa iyong iglesia.
    b. Mahalin ang Diyos at ang iyong kapwa.
    c. Huwag mangalunya.
    d. Huwag humatol kundi ikaw din ay hahatulan.

6. Ano ang pilosopiya ni Jesus sa pangunguna?
    a. Ang iglesia ay kailangang magkaroon ng mahigpit na pamunuan.
    b. Lahat ng mga Kristiyano ay pantay-pantay bilang magkakapatid.
    c. Dahil lahat ay mga lingkod hindi na kailangan ang mga tagapagturo o lider ng kahit ano.
    d. Yaong lamang sinanay na pari ang dapat manguna sa iglesia.

7. Ano ang tawag ni Jesus sa mga tiwaling lider ng relihiyon? *(piliin lahat ng akma)*
    - **a. Mapag-imbabaw**
    - **b. Pinaputing libingan**
    - c. Tapat ngunit napagkamalan
    - **d. Mga anak ng impiyerno**
    - e. Ginagalang na mga propeta

8. Ayon kay Jesus, kailan ang katapusan ng mundo?
    - a. Kapag gumuho na ang templo
    - b. Kapag ang bawat isa sa mundo ay tumaggap na sa Kanya
    - c. Kapag sumuko na si Satanas
    - **d. Hindi Niya sinabi, ngunit nagbigay Siya ng iilang mga palatandaan na dapat nating bantayan.**

9. Ano ang mga palatandaan na malapit ng dumating muli si Jesus? *(piliin lahat ng akma)*
    - **a. Maraming darating at magsasabi na sila ang Cristo—Mesiyas ng Diyos.**
    - **b. Giyera at alingawngaw ng mga giyera**
    - **c. Tag-gutom**
    - **d. Mga lindol**
    - **e. Paguusig ng mga tagasunod Niya**
    - **f. Pandaraya nang maraming mga bulaang propeta.**
    - **g. Ang ebanghelyo ay naipangaral na sa buong mundo.**

10. Ano ang magiging tulad ng pagdating ni Jesus?
    - a. Masyadong malihim. Baka dumating na nga Siya.
    - **b. Kamangha-mangha at maliwanag sa bawat isa.**
    - c. Malaking pagpupunyagi ng buong mundo.
    - d. Dahan-dahang proseso.

11. Alin sa mga sumusunod ang panalangin ni Jesus bago Siya pumunta sa krus?
    - **a. "Hindi ang kalooban Ko kundi ang kalooban Mo ang masusunod."**
    - b. "Ayaw kong uminom sa kopang ito."
    - c. "Ang kalooban Ko at kalooban Mo ay laging pareho."
    - d. "Pakiusap Ko na sabihin mo ang Iyong kalooban upang makapagdesisyon ako kung gagawin ko ito."

12. Ano ang ibig sabihin ng komunyon, o ang Hapunan ng Panginoon (Lord's Supper)?
    - a. Ito ay sikretong pagtanggap sa bagong kasapi sa iglesia.
    - **b. Ito ay hindi malilimutang larawan ng sakripisyo ni Jesus.**
    - c. Ito ay isang makapangyarihang bulong upang maparating ang presensiya ni Jesus.
    - d. Ito ay panalangin na ang mga pastor o pari lang ang dapat magbanggit.

13. Ano ang dakilang tanda na nagpatunay na si Jesus ay galing sa Diyos?
    - a. Gumawa siya ng pagkain sa libo-libong mga tao.
    - b. Pinagaling lahat ng mga may sakit.
    - **c. Bumangon Siya sa mga patay ayon sa sinabi Niya.**

d. Nagpalayas Siya ng mga demonyo.

14. Ano ang sinabi ng Dakilang Komisyon na dapat nating gawin?
    a. Magtatag ng gobyernong maka-Kristiyano
    b. Puwersahin ang mga tao na sundin ang mga kautusan
    c. Humayo sa buong mundo at magsanay ng mga alagad
    d. Dagdagan ang miyembro sa iglesia

Inaabangan mo ba ang muling pagbabalik ni Jesus? Bakit? Sa paano mo nakikitang matutupad ang Dakilang Komisyon? Sa anong paraan mo nakikita ang iyong sarili na makasama sa Dakilang Komisynyangon?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang pangako na darating Siyang muli upang dalhin sa langit ang Kanyang tagasunod. Pasalamatan ang Diyos sa gawain ng Kanyang mga tagasunod sa paglaganap ng ebanghelyo sa buong mundo. Hingin sa Kanya na magpadala ng maraming manggagawa sa anihan—at tulungan ka na matuklasan ang iyong tungkulin sa Dakilang Komisyon at pasalamatan Siya sa pangako Niya na lagi kang sasamahan.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Noong sinabi ni Jesus, na natala sa Mateo 24, na kahit Siya ay hindi alam ang Kanyang pagdating, at sinabi Niya sa unang kabanata ng Mga Gawa na hindi para sa mga alagad na malaman ang oras at panahon na itinalaga ng Ama, paano ito makaka-apekto sa iyong pananaw ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayaring ito?

2. Sa liwanag ng katotohanang sinabi ni Jesus, ang isa sa mga palatandaan na ang ebanghelyo ay maipapangaral sa buong sanlibutan, at sinabi ni Pedro sa atin sa 2 Pedro 3 na dapat tayong mabuhay na magpapadali sa Kanyang muling pagdating, ano ang dapat nating gawin upang mapadali ang araw na iyon?

3. Dahil sa ang muling pagdating ay ang tanging pag-asa ng mundong ito at ang mapalad na pag-asa ng iglesia, sinasabi mo ba sa mundo at sa iglesia na Siya ay darating muli, o tulad ka ng mga tao sa unang kabanata ng Mga Gawa na nakatingala sa langit na dapat ay kasama sa Dakilang Komisyon?

4. Sa Dakilang Komisyon (Mateo 18:18-20) inutusan ni Jesus ang mga tagasunod na gumawa ng mga alagad, bautismuhan ang mga alagad, at turuan ang mga ito nang lahat ng mga nakita ng mga alagad sa Kanya. Natupad na ba natin ang utos ng Komisyon na iyon kung naituro na sa mga bagong alagad ang lahat ng nakita natin kay Jesu-Cristo?

5. Gaano katagal bago maituro sa bagong alagad ang mga bagay na ito, at ang ibig bang sabihin nito ay magkaroon tayo ng relasyon sa mga alagad na ito?

6. Ang iglesia ba at ikaw at ako, ay pinapatupad at sinusunod ang mga kautusang ito ng Dakilang Komisyon?

7. Paano sinunod ng mga apostol ang mga aspetong ito ng Dakilang Komisyon, ayon sa natala sa ikalawang kabanata ng aklat ng Mga Gawa?